



Official Rules of Disc Golf

Mga Opisyal na Alituntunin

DISC GOLF

PDGA.com

PDGA™

Talaan ng Nilalaman

Pahina

Pahina

| | | |
|------------|---|----|
| 800 | Paglalarawan ng Laro | 1 |
| 801 | Aplikasyon ng mga Alituntunin ... | 1 |
| 801.01 | Pantay-Pantay na Laro | |
| 801.02 | Pagpapatupad | |
| 801.03 | Mga Apela | |
| 802 | Pagbato | 3 |
| 802.1 | Bato | |
| 802.2 | Kaayusan ng Laro | |
| 802.3 | Labis na Oras | |
| 802.4 | Ang Teeing Off | |
| 802.5 | Ang Lie | |
| 802.6 | Pagmamarka ng Lie | |
| 802.7 | Tindig | |
| 803 | Mga Balakid at Relief | 6 |
| 803.1 | Paggalaw sa mga Balakid | |
| 803.2 | Relief mula sa mga Balakid | |
| 803.3 | Pamiminsala sa Course | |
| 804 | Regularisasyon ng mga Ruta | 7 |
| 804.01 | Mga Bagay at Rutang Mandatory | |
| 805 | Regularisasyon ng mga Posisyon .. | 7 |
| 805.1 | Pagtatakda ng Posisyon | |
| 805.2 | Disc na Lumampas sa Dalawang .. Metro (Two-Meter Rule) | |
| 805.3 | Nawalang Disc | |
| 806 | Regularisasyon ng mga Lugar | 9 |
| 806.01 | Lugar para sa Putting | |
| 806.02 | Out-of-Bounds | |
| 806.03 | Kaswal na Lugar | |
| 806.04 | Lugar ng Relief | |
| 806.05 | Hazard | |
| 807 | Pagkumpleto sa Hole | 11 |
| 808 | Pagpupuntos | 11 |
| 809 | Iba Pang Bato | 12 |
| 809.01 | Inabandonang Bato | |
| 809.02 | Probisyonal na Bato | |
| 809.03 | Practice na Bato | |

| | | |
|---|-----------------------------------|----|
| 810 | Panggugulo | 13 |
| 811 | Misplay | 14 |
| 812 | Paggalang (Courtesy) | 16 |
| 813 | Gamit | 17 |
| 813.01 | Ilegal na Disc | |
| 813.02 | Ilegal na Gamit | |
| Appendix A: Match Play | | 19 |
| A.01 | Pangkalahatan | |
| A.02 | Pagkakasunod-sunod ng Laro | |
| A.03 | Mga Parusa | |
| A.04 | Pagpupuntos | |
| A.05 | Pagsuko | |
| A.06 | Pagkapanalo ng Match | |
| Appendix B: Doubles at Team Play | | 20 |
| B.01 | Pangkahalatan | |
| B.02 | Pagkakasunod-sunod ng Laro | |
| B.03 | Mga Parusa | |
| B.04 | Ang Lie | |
| B.05 | Mga Format | |
| Appendix C: Mga Sanggunian | | 24 |
| Appendix D: Tumbasan | | 24 |
| Appendix E: Index | | 25 |
| Mga Tanong at Sagot | | 26 |



I-scan ang code na ito para sa online na bersyon ng dokumentong ito, na siyang pinakabagong bersyon at magsasaad ng mga pinakabagong pagbabago. Ang mga tinanggal ay minarkahan ng strike-through at ang mga bago ay may salungguhit.

Disc Golf: Mga Opisyal na Alituntunin

PDGA Official Rules of Disc Golf

Disc Golf: Mga Opisyal na Alituntunin

800 Paglalarawan sa Laro

Ang layunin sa laro na disc golf ay pagkumpleto ng isang course sa pinakakaunting bato ng disc. Kadalasan, ang isang course ay binubuo ng siyam o labingwalong hole, bawat isa nito'y may hiwalay na yunit sa pagpuntos.

Nagsisimula ang laro sa bawat hole sa tee, at nagtatapos sa target. Pagkatapos bumato ng manlalaro mula sa tee, bawat susunod na bato'y gagawin mula sa pinagbagsakan ng huling bato. Pagkakumpleto ng isang hole, pupunta ang manlalaro sa teeing area ng susunod na hole, hanggang sa nakapaglaro na sa lahat ng hole.

Kadalasan, nakalatag ang mga course ng disc golf sa paligid ng mga kakahuyan na may iba-ibang uri ng terrain, na nagbibigay ng mga natural na harang sa paglipad ng disc. Hindi maaaring baguhin sa anomang uri ng paraan ng manlalaro ang course para bawasan ang hirap ng isang hole. Kung ano ang course, ito ang lalaruin ng mga manlalaro, at ibabato nila ang disc mula sa kinalalagyan nito, maliban na lang sa mga pagkakataong pinahihintulutan ng mga alituntuning ito.

801 Aplikasyon ng mga Alituntunin

801.01 Pantay-Pantay na Laro

- A. Binuo ang mga alituntuning ito para isulong ang pantay-pantay na laro para sa lahat ng manlalaro ng disc golf. Sa paggamit ng mga alituntuning ito, dapat gamitin ng manlalaro ang alituntuning pinakadirektang kaugnay ng kaniyang sitwasyon. Kung mayroon mang puntong hindi nababanggit sa mga alituntuning ito, gagabayan ang desisyong ipatutupad ayon sa prinsipyo ng pagkapantay-pantay. Kadalasan, ang lohikal na pagpapalawig ng pinakamalapit na alituntunin o ang prinsipyong kinakatawan ng mga alituntuning ito'y makagagabay sa pagtatakda ng pantay-pantay na laro.

801.02 Pagpapatupad

- A. Naglalaro sa mga hole ang mga manlalaro bilang grupo upang matukoy ang puntos at para matiyak ang paglalaro ayon sa mga alituntuning ito. Anumang desisyong gawin ng grupo bilang grupo ay kailangang desisyon ng nakararami.
- B. Inaasahang gagawan ng call ng mga manlalaro ang paglabag sa anumang alituntunin kapag malinaw na may naganap na paglabag. Kailangang agaran ang paggawa ng call sa paglabag, para maipatupad ang parusa (maliban na lang sa mga misplay).
- C. Maaaring gumawa ng call o kumpirmahin ng isang manlalaro ang paglabag sa mga alituntunin ng isa pang manlalaro sa grupo sa pamamagitan ng pag-ulat nito sa lahat ng manlalaro sa grupo.
- D. Bibigyan ng babala ang isang manlalaro sa unang pagkakataon na labagin niya ang ilang tukoy na alituntunin. Maaaring parusahan ng penalty throw ang mga susunod na paglabag. Ang mga call sa paglabag ng alituntunin na magbubunga ng isang babala ay hindi kailangang kumpirmahin para ipatupad. Ang babala sa isang round ay nagtatapos sa round na iyon. Hindi ito mabibilang sa susunod na round, o sa playoff.
- E. Ang call na ginawa ng isang manlalaro para sa paglabag ng alituntunin na magbubunga sa isa o higit pang penalty ay maaari lamang ipatupad kung ang call ay kinumpirma ng isa pang manlalaro sa grupo o ng isang Opisyal ng Torneo. Ang penalty throw ay isang bato na idinadagdag sa puntos ng manlalaro bilang parusa sa kaniyang paglabag ng alituntunin, o sa pagbago ng posisyon ng lie.
- F. Ang Opisyal ng Torneo, o Opisyal, ay ang taong may awtoridad mula sa Direktor para gumawa ng pagtatasa tungkol sa tamang aplikasyon ng mga alituntunin habang may laro. Maaaring gumawa ng call ang Opisyal, o kumpirmahing may nilabag na alituntunin ang isang manlalaro. Hindi kailangang kumpirmahin ang ginawang call ng isang Opisyal para ipatupad. Ang isang Opisyal na naglalaro ay hindi maaaring magsilbi bilang Opisyal para sa mga manlalarong bahagi ng kaniyang dibisyon.
- G. Ang Direktor ay ang taong namamahala sa torneo o event. Ang Direktor ay maaaring Direktor ng Torneo, Direktor ng Course, o Direktor ng Liga. Tanging ang Direktor lamang ang maaaring magtanggap ng manlalaro mula sa laro. Hindi maaaring baguhin ang mga desisyon ng Direktor.
- H. Kapag higit sa isa ang nalabag na alituntunin at nagbunga ito ng bato o aksiyon, sa ilalim ng alituntuning may pinakamatinding parusa ipatutupad ang bato o aksiyon. Kung sakaling pare-pareho lang ang parusa ng mga alituntuning nilabag, sa ilalim ng unang alituntuning nilabag ipatutupad ang bato o aksiyon.

801.03 Mga Apela

- A. Sakaling hindi makarating sa desisyon ng nakararami ang grupo tungkol sa pagpapatupad ng mga alituntunin, ang ipatutupad na interpretasyon ay iyong may pinakaraming benepisyo sa babato.

- B. Maaaring mag-apela ang isang manlalaro tungkol sa desisyon ng grupo sa isang Opisyal. Maaari siyang mag-apela tungkol sa desisyon ng Opisyal sa Direktor. Sa parehong pagkakataong ito, kailangan niyang agarang ipahayag ang kaniyang kagustuhang mag-apela sa grupo. Sakaling naroon ang Opisyal o Direktor, maaaring tumabi ang grupo upang hayaang maglaro ang ibang grupo habang pinakikinggan ang apela.
- C. Sakaling walang Opisyal o Direktor sa lugar, maaaring bumato ng isang grupo ng probisyonal na bato ang manlalaro, isa para sa bawat posibleng mangyari ayon sa pagpapatupad ng alituntunin, at pagkatapos iapela ang pagpapatupad sa Opisyal o sa Direktor, kapag praktikal na.
- D. Sakaling baliktarin ang isang pagpapatupad ng alituntunin, maaaring baguhin ng isang Opisyal o Direktor ang puntos ng manlalaro para umayon sa tamang interpretasyon ng mga alituntunin. Maaari ding ipaulit ng Direktor sa manlalaro ang isa o higit pang hole. Hindi maaaring baguhin ang desisyon ng Direktor.

802 Pagbato

802.01 Bato

- A. Ang pagbato ay ang paghagis o pag-itsa ng disc para baguhin ang posisyon nito.
- B. Bawat bato na ginawa bilang pagtatangkang baguhin ang lie ay binibilang, maliban na lang kung hindi ito binibilang ayon sa isang alituntunin.
- C. Kapag may batong hindi binilang, ang mga penalty throw na ginawa kaugnay ng batong iyon ay hindi rin bibilangin. Ang mga parusang may kaugnayan sa pagbato ay: out-of-bounds, hazard, missed mandatory, higit sa dalawang metro, tindig, pagmamarka, taking improper relief, at nawalang disc.

802.02 Kaayusan ng Laro

- A. Sa tee ng unang hole, ang pagkakasunod-sunod ng pagbato ay itinatakda ng listahan ng mga manlalaro sa scorecard.
- B. Sa mga susunod na tee, ang pagkakasunod-sunod ay itinatakda ayon sa puntos ng mga manlalaro sa naunang hole. Ang manlalarong may pinakamababang puntos ang unang babato, ang may pangalawang pinakamababang puntos ang pangalawang babato, at iba pa. Hindi nagbabago ang pagkakasunod-sunod ng mga tie.
- C. Kapag lahat na ng manlalaro ay mayroong lie na hindi ang teeing area, ang manlalaro na ang lie ang pinakamalayo sa target (ang away player) ang susunod na babato.
- D. Kung ang isang manlalaro ay babato mula sa parehong lie, o gagawa siya ng re-throw mula sa parehong lie, ang manlalarong iyon pa rin ang susunod sa pagbato. Ang re-throw ay dagdag na pagbato mula sa parehong lie. Ang bato sa re-throw ang bibilangin imbes na ang orihinal na bato.

- E. Para tuloy-tuloy ang paglalaro, ang isang manlalaro’y maaaring bumato kung ang tunay na susunod na babato ay papayag, o di kaya’y kung ang pagbato na ito’y walang epekto sa susunod na manlalaro.
- F. Ang pagbato nang hindi tama ang pagkakasunod-sunod ay isang courtesy violation.
- G. Sa loob ng isang torneo, walang grupo na maaaring mauna sa nauunang grupo, maliban na lang kung payagan ng isang Opisyal, o kung ang grupong nauuna’y tumabi muna, ayon sa mga alituntunin.

802.03 Labis na Oras

- A. A player has taken excessive time if they are present and have not thrown within 30 seconds:
 - 1. Pagkatapos bumato ng naunang manlalaro; at
 - 2. Pagkatapos lumipas ang sapat na panahon para makarating siya at mahanap ang lie; at
 - 3. Siya ang susunod na babato; at
 - 4. Walang anumang balakid sa playing area.
- B. Ang manlalarong lumabis sa oras ay makatatanggap ng babala para sa kaniyang unang paglabag. Ang manlalarong lumabis sa oras pagkatapos mabigyan na ng babala ay makatatanggap ng isang penalty throw. Tingnan ang 811.F.5 tungkol sa manlalarong wala kapag siya na ang dapat na babato.
- C. Maaaring humiling ang isang manlalaro ng dagdag na panahon para magbanyo. Kapag ang manlalarong ito’y hindi bumalik pagkatapos ng sapat na panahon, ituturing ang manlalarong ito bilang missing para sa hole, at makatatanggap siya ng puntos na par plus 4 para sa hole.

802.04 Ang Teeing Off

- A. Magsisimula ang laro sa bawat hole sa pagbato ng manlalaro mula sa teeing area ng hole. Ang teeing area, o tee, ay ang lugar na minamarkahan ng dulo ng tee pad, kung mayroong tee pad. Kung wala, ang area ay mamarkahan tatlong metro pahalang mula sa itinakdang tee line. Ang tee line ay ang linya sa harap ng teeing area, o ang linya sa pagitan ng hangganan ng dalawang tee marker.
- B. Kapag binitawan ang disc, ang manlalaro ay dapat mayroong isang supporting point sa loob ng teeing area, at lahat ng supporting points ay nasa teeing area. Ang supporting point ay kahit anong bahagi ng katawan ng manlalaro na, sa sandali ng pagbitaw, ay nakadikit sa playing surface o anumang bagay na nagbibigay ng suporta. Maaaring magkaroon ang manlalaro ng supporting point sa labas ng teeing area bago o pagkatapos, pero hindi sa mismong sandali na bititawan ang disc.
- C. Ang paglabag sa 802.04 B ay stance violation. Ang manlalarong lumabag sa 802.04 B ay makatatanggap ng isang penalty throw.

802.05 Ang Lie

- A. Ang lie ang lugar sa playing surface kung saan tumitindig ang manlalaro para bumato. Ang playing surface ang lugar, kadalasan ang lupa, na may kapasidad na suportahan ang manlalaro at maaaring tindigan. Maaaring magkaroon ng playing surface sa ibabaw o ilalim ng isa pang playing surface. Kung hindi malinaw kung ang isang lugar ay maituturing na playing surface, ang Direktor o isang Opisyal ang magdedesisyon.
- B. Ang lie para sa unang bato ay ang teeing area.
- C. Ang drop zone ay isang lie. Ang drop zone ay lugar sa course, na itinakda ng Direktor, kung saan maaaring bumato ayon sa mga espisipikong kondisyon. Maaaring markahan at laruan ang drop zone tulad ng isang teeing area, o di kaya'y na parang isang minarkahang lie. Maaaring gamitin ang teeing area bilang isang drop zone.
- D. Sa lahat ng iba pang pagkakataon, ang lie ay isang parisukat na 20 sentimetro ang lapad at 30 sentimetro ang taas, nakasentro sa line of play sa likod ng hanggahan sa likod ng pangmarkang disc. Ang line of play ay imahinaryong linya sa playing surface na nagmumula sa sentro ng target at tumutulay sa pamamagitan at lumalampas sa sentro ng pangmarkang disc. Ang pangmarkang disc, o pangmarka, ay ang disc na ginagamit para markahan ang lie alinsunod sa 802.06.

802.06 Pagmarka sa Lie

- A. Ang posisyon ng ibinatong disc sa loob ng playing surface ang nagmamarka sa lie.
- B. Alternatibo sa 802.06 A ang pagmarka ng manlalaro sa lie sa pamamagitan ng paglagay ng maliit na pangmarkang disc sa playing surface na nakadikit sa harap ng ibinatong disc sa line of play. Ang maliit na pangmarkang disc ay maliit na disc, hindi ginagamit sa laro, na sumusunod sa PDGA Technical Standard para sa mga maliit na pangmarkang disc.
- C. Ang ibinatong disc ay wala sa loob ng playing surface, o kapag ang lie ay kailangang galawin ayon sa mga alituntunin, mamarkahan ng manlalaro ang lie sa pamamagitan ng paglagay ng maliit na pangmarkang disc alinsunod sa pertinenteng alituntunin.
- D. Ang pagbato mula sa isang lie na minarkahan sa paraang hindi alinsunod sa paglalarawan sa 802.06 C ay isang marking violation. Makatatanggap ang manlalaro ng babala sa una niyang marking violation. Ang manlalarong ito'y makatatanggap ng isang penalty throw sa bawat sumunod na paglabag sa alinmang alituntunin sa pagmamarka sa kahabaan ng round.

802.07 Tindig

- A. Kung minarkahan ang lie sa pamamagitan ng pangmarkang disc, kapag binitawan ang disc, kinakailangan na ang manlalaro ay:
 - 1. May kahit na isang supporting point na nakadikit sa lie; at,

2. Walang supporting point na mas malapit sa target kumpara sa hanggang sa likod ng pangmarkang disc; at,
 3. Lahat ng kaniyang supporting point ay in-bound.
- B. Ang drop zone ay nilalaro bilang teeing area (tingnan ang 802.04 B) o bilang minarkahang lie (tingnan ang 802.07 A).
- C. Ang paglabag sa 802.07 A o 802.07 B ay stance violation. Makatatanggap ang manlalarong lumabag sa alinmang alituntuning ito ng isang penalty throw.

803 Mga Balakid at Relief

803.01 Paggalaw sa mga Balakid

- A. Kailangang pumili ang manlalaro ng tindig na pinakamaliit na paggalaw ang idinudulot sa anumang balakid na permanente o likas na bahagi ng course. Kapag tumindig na ang manlalaro, hindi niya maaaring galawin ang isang balakid para magkaroon ng espasyo para bumato. Hindi paglabag sa mga alituntunin kapag nagdulot ang pagbato ng manlalaro ng kaunting paggalaw ng isang balakid.
- B. Hindi maaaring galawin ng isang manlalaro ang kahit anong balakid sa course. Narito ang mga hindi kasama sa alituntuning ito:
1. Maaaring galawin ng manlalaro ang isang kaswal na balakid na nasa playing surface kung maaaring maglagay rito ng supporting point kapag tumitindig. Ang kaswal na balakid ay kahit anong bagay o koleksiyon ng mga bagay (tulad ng bato, dahon, twig, o hindi magkakadikit na sanga), o kahit na anong bagay na itinakda ng Direktor.
 2. Maaaring hilingin ng manlalaro na gumalaw ang mga tao, manunuod at iba pa, o ang kanilang pag-aari.
 3. Maaaring ayusin ng isang manlalaro ang mga gamit sa course, kasama rito ang pagtanggap ng balakid.
- C. Makatatanggap ang manlalarong magtatanggal ng balakid sa course bukod sa paraang inilarawan sa itaas ng isang penalty throw.

803.02 Relief mula sa mga Balakid

- A. Maaaring humiling ang isang manlalaro ng Relief mula sa mga sumusunod na balakid kung ito ay nasa o nasa likod ng lie: mapanganib na insekto o hayop, mga tao, o kahit anong bagay na itinakda ng Direktor. Kapag tatanggap ng Relief, maaaring markahan ng manlalaro ang isang bagong lie na nasa line of play, mas malayo sa target, sa pinakamalapit na lugar, na nagbibigay ng Relief mula sa balakid (maliban na lang kung may higit pang relief na ipinahayag ang Direktor).
- B. Kung dahil sa isang balakid ay pisikal na hindi makagawa ng legal na tindig ang isang manlalaro sa likod ng pangmarkang disc, o hindi makapagmarka ng disc

sa itaas o ilalim ng playing surface, maaaring magmarka ang manlalarong ito ng bagong lie sa line of play sa likod na likod ng balakid.

- C. Makatatanggap ang manlalarong kukuha ng Relief bukod sa mga inilarawan sa itaas ng isang penalty throw.
- D. Maaaring kumuha ang manlalaro sa kahit anong oras ng opsiyonal na Relief sa pamamagitan ng pagpapahayag ng kanilang intensiyon sa grupo. Pagkatapos, maaaring ibahin ang lokasyon ng lie sa pamamagitan ng pagmarka ng isang bagong lie na mas malayo sa target at nasa line of play. Dadagdagan ng isang penalty throw ang puntos ng manlalarong ito.
- E. Walang penalty throw na matatanggap ang manlalaro pag ang opsiyonal na Relief niya ay kinuha pagkatapos makatatanggap ng penalty dulot ng disc out-of-bound o kaya'y lumampas ng dalawang metro (tingnan ang 805.02).

803.03 Pamiminsala sa Course

- A. Ang isang manlalarong sinadyang magdulot ng pinsala sa kahit anong bahagi ng course ay makatatanggap ng dalawang penalty throw. Maaari ding patalsikin ang manlalaro mula sa torneo, alinsunod sa Seksiyon 3.03 ng Competition Manual.

804 Regularisasyon ng mga Ruta

804.01 Mga Rutang Mandatory (Itinakdang Ruta)

- A. Ang itinakdang ruta'y nagtatakda sa maaaring daanan ng disc papunta sa target.
- B. Ang itinakdang espasyo ay pahabang plane na minarkahan ng isa o higit pang bagay o iba pang pangmarka na para itakda ang hangganan ng espasyo.
- C. Kapag malinaw at buong-buong pumasok ang disc dulot ng pagbato sa isang restricted space, makatatanggap ang manlalaro ng isang penalty throw. Ang lie para sa susunod na bato ay ang drop zone na itinakda. Kung walang itinakdang drop zone, ang lie para sa susunod na bato ay ang huling lie.

805 Regularisasyon ng mga Posisyon

805.01 Pagtakda ng Posisyon

- A. Nagtatakda ang ibinatong disc ng posisyon kung saan ito bumagsak.
- B. Ang isang ibinatong disc ay itinuturing na bumagsak kung saan ito unang tumigil gumalaw. Ang isang disc na nasa tubig o foliage ay itinuturing na bumagsak kapag gumagalaw na lang ito dulot ng paggalaw ng tubig, foliage, o hangin.
- C. Kapag bumagsak ang isang disc sa ibabaw ng playing surface, ang posisyon nito sa playing surface ay ang lugar na direktang nasa ilalim ng disc. Kung walang playing area sa ilalim ng disc, ang posisyon nito ay sa playing area sa ibabaw ng disc.

- D. Kung ang isang ibinatong disc ay mabasag, ang posisyon nito ay ang posisyon ng pinakamalaking piraso.

805.02 Disc na Lumampas sa Dalawang Metro

- A. Ang two-meter rule ay tumutukoy sa mga alituntunin sa loob ng 805.02. Hindi ito ipinatutupad hanggat hindi sinasabi ng Direktor na ito ay ipinatutupad. Maaaring ideklara ng Direktor na ipatutupad ang two-meter rule sa buong course, sa espisipikong hole, at/o sa mga indibidwal na bagay.
- B. Kung ipinatutupad ang two-meter rule pag bumagsak ang disc nang dalawang metro lampas sa ibabaw ng playing surface (sinusukat ito mula sa pinakamababang bahagi ng disc hanggang sa playing surface direkta sa ilalim nito), makatatanggap ang manlalaro ng penalty throw. Ang posisyon ng disc ay sa playing surface direktang nasa ilalim ng disc.
- C. Ang disc na sinusuportahan ng target ng hole na nilalaruan ay hindi kasama sa two-meter rule.
- D. Kapag ibinato ng manlalaro ang disc bago mapagdesisyonan, ituturing ang disc na bumagsak nang lampas sa dalawang metro.

805.03 Nawalang Disc

- A. Idedeklarang nawala ang disc kapag hindi ito mahanap ng manlalaro sa loob ng tatlong minuto pagkatapos niyang dumating sa lugar kung saan niya inaakalang bumagsak ito. Kahit sinong manlalaro sa grupo o isang Opisyal, maaaring simula ang pagbilang sa tatlong minuto. Kailangan niyang ipaalam sa grupo na nagsimula na ang pagbibilang.
- B. Lahat ng manlalaro sa grupo ay kailangang tumulong sa paghahanap ng disc. Courtesy violation ang paglabag nito.
- C. Kapag idineklara nang nawala ang isang disc, hindi magbabago ang estado nito kapag natagpuan ito pagkatapos. Maaaring gamitin ng manlalaro ang disc pag natagpuan ito, pero hindi babawiin ang nasa 805.03 D.
- D. Kapag idineklarang nawala ang disc ng isang manlalaro, makatatanggap siya ng isang penalty throw. Ang susunod na bato ay kailangang magmula sa naunang lie. Kapag may itinakdang drop zone para sa mga nawalang disc sa hole na ito, maaaring ibato ng manlalaro ang disc mula sa drop zone imbes na mula sa naunang lie.
- E. Kapag nadiskubre bago matapos ang torneo na ang disc ng manlalaro na idineklarang nawala ay tinanggal o kinuha bago ito ideklarang nawala, babawasan ng dalawa ang puntos ng manlalarong iyon sa hole.
- F. Kung may itinakdang drop zone para sa mga nawalang disc, maaaring hayaan ng Direktor ang mga manlalaro na dumiretso sa drop zone kapalit ng dalawang penatly throw.

806 Regularisasyon ng mga Lugar

806.01 Lugar para sa Putting

- A. Alinmang bato na may layong 10 metro o mas mababa mula sa target, sinusukat mula sa harap ng lie hanggang sa paanan ng target, ay tinatawag na **putt**.
- B. Pagkatapos bumitiw ng putt, kailangang ipakita ng manlalaro ang kaniyang balanse sa likod ng pangmarkang disc, bago lumapit sa target. Sinomang manlalarong hindi makagawa nito'y may stance violation at makatatanggap ng isang penalty throw.

806.02 Out-of-Bounds

- A. Hindi maaaring bumato ng disc mula sa lugar na itinalaga ng Direktor bilang **out-of-bounds (OB)** area, at hindi rin maaaring tumindig dito. Ang out-of-bounds line ay bahagi ng out-of-bounds area. Ang lahat ng lugar sa course na hindi bahagi ng out-of-bounds ay **in-bounds**.
- B. Ang isang disc ay out-of-bounds kapag ang posisyon nito'y malinaw at buong-buong napaliligiran ng out-of-bounds area.
- C. Ituturing na out-of-bounds ang disc na hindi mahanap kung may kapani-paniwalang ebidensiya na bumagsak ito sa out-of-bounds area. Kung walang kapani-paniwalang ebidensiya, ituturing na nawawala ang disc at magpapatuloy ang laro ayon sa 805.03.
- D. Ang manlalarong may disc na out-of-bounds ay makatatanggap ng isang penalty throw. Sa susunod na bato, maaaring bumato ang manlalaro:

1. Mula sa naunang lie; o,
2. Sa lie na itinakda ng pangmarkang disc sa playing surface, na hanggang isang metro ang layo mula sa lugar kung saan naging out-of-bounds ang disc.

Maaari lamang limitahan ng Direktor ang mga pinagpipilian sa itaas pagdating sa out-of-bounds area kung may permiso siya ng PDGA Director of Event Support.

Sang-ayon sa kalooban ng Direktor, maaari ding payagan ang manlalaro na maglaro mula sa:

3. Loob ng itinatalagang drop zone; o,
 4. Isang lie na ginamitan ng pangmarkang disc na inilagay sa playing surface hanggang isang metro ang layo mula sa lugar sa out-of-bounds line na pinakamalapit sa posisyon ng disc.
- E. Kung ang posisyon ng ibinatong disc ay in-bounds at may layong hindi lalampas sa isang metro mula sa out-of-bounds line, maaaring ilipat ang lie sa kahit anong punto na dadaanan ng isang imahinaryong pahalang na linya mula sa puntong iyon ng out-of-bounds line at dadaan sa ibinatong disc. Maaari din na, kung ang

ibinatong disc hindi lalampas sa isang metro ang layo mula sa isang kanto, ilipat ang lie sa linyang isang metro ang layo mula sa kantong iyon na dadaan sa ibinatong disc.

- F. May pahalang na plane mula sa out-of-bounds line. Pag nagmamarka ng hindi lalampas sa isang metro mula sa out-of-bounds line, ang Relief ng isang metro ay maaaring sukatin mula sa kahit anong punto, taas o baba, ng pahalang na plane na ito.
- G. Kung may itinakdang drop zone para sa out-of-bounds area, maaaring payagan ng Direktor ang mga manlalaro na dumiretso sa drop zone nang may kapalit na dalawang penalty throw.
- H. Maaaring mag-anunsyo ang Direktor ng Relief ng higit sa isang metro para sa mga espisipikong out-of-bounds area sa isang hole.
- I. Kung gagalawin ng isang manlalaro ang disc bago makapagdesisyon tungkol sa estado nito bilang out-of-bounds, ituturing ang disc na out-of-bounds.

806.03 Kaswal na Lugar

- A. Ang kaswal na lugar ay kaswal na tubig, o kahit na anong lugar na itinalaga ng Direktor bilang kaswal na lugar bago magsimula ang round. Ang **kaswal na tubig** ay kahit anong tubig na in-bounds at hindi naitakda ng Direktor bilang kasama sa course.
- B. Para makatanggap ng Relief mula sa kaswal na lugar, maaaring ilipat ang lie ng manlalaro sa pinakamalapit na lie na pinakamalayo mula sa target at nasa linya ng laro, sa pinakamalapit na puntong nagbibigay ng Relief (maliban na lang kung may higit na Relief nang idineklara ang Direktor).

806.04 Lugar ng Relief

- A. Ang **lugar ng Relief** ay lugar na itinalaga ng Direktor. Hindi maaaring bumato ng disc mula rito. Lugar ng Relief din ang mga in-bounds area na hindi maaaring pasukin ng mga manlalaro ayon sa batas. Sa laro, ituturing ang lugar ng Relief bilang out-of-bounds area, pero hindi bibigyan ng penalty throw ang manlalaro na makapagbagsak ng disc sa lugar na ito.

806.05 Hazard

- A. Ang **hazard** ay lugar na itinalaga ng Direktor. May karampatang isang penalty throw ang pagbagsak ng disc sa hazard.
- B. Nasa hazard ang isang disc kung ang posisyon nito ay malinaw at buong-buong napaliligiran ng hazard o ng kombinasyon ng hazard at out-of-bounds area.
- C. Makatanggap ang manlalaro na nasa hazard ang disc ng isang penalty throw. Hindi inililipat ng posisyon ang lie.
- D. Kung gagalawin ang manlalaro ang kaniyang disc bago nakapagdesisyon kung nasa hazard ba ito o hindi, ituturing na nasa hazard ang kaniyang disc.

807 Pagkumpleto sa Hole

- A. Ang **target** ay ang aparato na ang layunin ay malinaw na itakda ang pagkumpleto sa isang hole. Ang basket target ay dinisenyo para sumalo ng mga disc, at sa pangkalahatan ay binubuo ng isang tray, mga kadena, at pansuporta sa kadena na nakakabit sa isang poste. Ang **object target** naman, sa pangkalahatan, ay may minarkahang target area.
- B. Para makumpleto ang isang hole na may basket target, kailangang bitawan ng manlalaro ang disc at kailangan itong bumagsak nang sinusupportahan ng tray o ng mga kadena sa ilalim ng pansuporta sa kadena.
- C. Para makumpleto ang isang hole na may object target, kailangang bitawan ng manlalaro ang disc at kailangan nitong tamaan ang minarkahang target area ng bagay.

808 Pagpupuntos

- A. Ang manlalarong una sa listahan ang may responsibilidad na dalhin ang scorecard ng grupo.
- B. Pantay-pantay ang responsibilidad ng mga manlalaro sa isang grupo sa pagtala ng mga puntos, maliban na lang kung may manlalaro o scorekeeper na magbob-oluntaryong magtala ng mga puntos at mas katanggap-tanggap iyon sa lahat ng manlalaro sa grupo.
- C. Sa tuwing matatapos ang isang hole, itatala ng scorekeeper ang puntos ng bawat manlalaro sa grupo sa paraang malinaw ang puntos para sa bawat manlalaro sa grupo. Anumang babala o penalty throw ay kailangan ding itala kasama ng puntos para sa hole.
- D. Ang puntos ng isang manlalaro sa hole ay ang bilang ng lahat ng bato, kasama na ang mga penalty throw. Ang puntos para sa buong round ay ang bilang ng lahat ng puntos sa mga hole, dagdag pa ang mga penalty throw. Ang paggamit ng kahit anong paraan para magtala ng puntos na hindi bilang (kasama na ang hindi pagtala ng puntos) ay may karampatang parusa, alinsunod sa 808.G.2.
- E. Kung may hindi pagkakasundo sa puntos na iniulat ng isang manlalaro, sisipatin ng grupo ang hole at tatangkaing matuklasan ang tamang puntos. Kung hindi magkakasundo ang grupo tungkol sa puntos ng manlalaro, hihingi sila ng tulong mula sa isang Opisyal o sa Direktor, sa pinakapraktikal na panahon. Kung lahat ng manlalaro sa grupo'y sang-ayon na mali ang puntos, maaaring itama ang puntos bago isumite ang scorecard.
- F. Kinakailangang isumite ng manlalaro ang kaniyang scorecard 30 minuto pagkatapos matapos ng kaniyang grupo ang round. Ang manlalarong hindi makapagsumite ng kaniyang scorecard ay makatatanggap ng dalawang penalty throw.

- G. Pagkatapos maisumite ng scorecard, hindi na maaaring baguhin ang puntos, maliban na lang sa mga susunod na sitwasyon:
1. Maaaring magdagdag o magbawas ng penalty throw ayon sa Direktor, hanggang sa ideklara ng Direktor ng tapos na ang torneo, o naipamahagi na lahat ng gawad.
 2. Kung ang kabuuang puntos o kahit anong puntos sa hole ay mali, hindi tama ang pagkakatala, o nawawala, dalawang penalty throw ang idadagdag sa itinamang kabuuang puntos. Ang mga penalty throw na ito ay hindi idadagdag kapag nabago na ang puntos para sa iba pang paglabag sa mga alituntunin pagkatapos makapagsumite ang manlalaro ng itinama nang scorecard.

809 Iba Pang Bato

809.01 Inabandonang Bato

- A. Maaaring iabandona ng manlalaro ang kaniyang pinakahuling bato sa pamamagitan ng pagdeklara ng kaniyang intensiyon sa grupo. Idadagdag ang inabandonang bato at isang penalty throw sa puntos ng manlalaro. Babato ang manlalaro mula sa lie kung saan niya ibinato ang inabandonang bato. Ang mga penalty throw na dulot ng inabandonang bato ay hindi bibilangin.
- B. Kung mayroong drop zone para sa mga inabandonang bato na itinakda sa hole, maaaring bumato ang manlalaro mula sa drop zone imbes na sa naunang lie.

809.02 Probisyonal na Bato

- A. Ang **Probisyonal na bato** ay dagdag na batong hindi idinadagdag sa puntos ng manlalaro kung hindi ito gagamitin sa pagkumpleto ng hole. Kailangang ipaalam ng manlalaro sa grupo na probisyonal ang bato bago niya ibato ito.
- B. Ginagamit ang mga probisyonal na bato:
1. Para makatipid ng oras. Maaaring magdeklara ang manlalaro ng probisyonal na bato kapag
 - a. Hindi agarang masabi kung ano ang estado ng disc, dahil maaari itong nawawala, out-of-bounds, o may namintisang mandatory; at
 - b. Kapag sumasang-ayon ang grupo na makatitipid sa oras ang probisyonal na bato.

Ang grupo o isang Opisyal ang magsasabi kung alin sa dalawang bato ang nauwi sa tamang lie. Mula sa lie na ito magpapatuloy ang manlalaro.

2. Para iapela ang desisyon kapag ang resultang magkaibang lie. Maaaring gumawa ng probisyonal na bato para makumpleto ang hole, bilang bahagi ng apela ng manlalaro sa grupo na hindi sumasang-ayon sa desisyon ng grupo, at walang Opisyal na maaaring konsultahin, o kung may manlalaro sa grupo

na nais mag-apela ng desisyon sa isang Opisyal. Ilista ang puntos ng bawat grupo ng bato. Kapag naresolba na ang apela, ang puntos lamang ng tamang grupo ng bato ang bibilangin.

809.03 Practice na Bato

- A. Ang **practice na bato** ay kahit anong bato na hindi ginagawa bilang bahagi ng pagtatangkang baguhin ang lie, bukod sa mga bato na ginawa para itabi ang isang hindi ginagamit na disc, o para ibalik ang disc sa isang manlalaro, na maglalakbay nang hindi higit sa limang metro sa hangin. Ang pagkahulog sa disc ay hindi practice na bato.
- B. Makatatanggap ang manlalaro ng isang penalty throw pag gumawa siya ng practice na bato. Babalewalain ang bato at hindi bibilangin.

810 Panggugulo

- A. Kung ginalaw ang ibinatong disc na bumagsak sa in-bounds na playing area, papalitan ito sa lugar kung saan ito unang bumagsak, ayon sa mapagkakasunduan ng grupo. Ang ibinatong disc na bumagsak sa ibang lugar ay hindi kailangang palitan, at ang posisyon nito'y ibabase sa kung saan ito unang bumagsak, ayon sa mapagkakasunduan ng grupo.
- B. Ang pangmarkang disc na nagalaw ay ibabalik sa orihinal nitong lokasyon, ayon sa kasunduan ng grupo.
- C. Ang ibinatong disc na tumama sa tao o hayop ay lalaruin kung saan ito unang bumagsak.
- D. Paglabag sa mga alituntunin kung ang manlalaro o ang kaniyang gamit ay makagugulo sa course ng kaniyang sariling ibinatong disc. Bibilangin ang bato at isang penalty throw sa puntos ng manlalaro; magpapatuloy ang manlalaro mula sa naunang lie. Ang iba pang penalty throw dulot ng batong ito ay hindi bibilangin. Pag ang bato ay nagulo ayon sa hiling ng manlalaro, ituturing itong pareho lang sa panggugulo ng manlalaro sa sarili niyang bato.
- E. Ang disc na ibinato at sinadyang antalain ng ibang tao ang paglipad ay pahihintulatang makaposisyon kung saan nangyari ang panghihimasok. Maaaring bumato ang manlalaro mula sa bagong lie, o abandonahin ang bato nang walang parusa. Sa kasong ito, hindi bibilangin ang orihinal na bato sa puntos ng manlalaro.
- F. Ang manlalarong makikialam sa disc ng isa pang manlalaro sa mga susunod na paraan ay makatatanggap ng dalawang penalty throw:
 - 1. Pagbabago ng course ng ibinatong disc (maliban na lang para makaiwas sa aksidente); o,
 - 2. Paggalaw o pagharang sa ibinatong disc o pangmarkang disc (maliban na lang kung nasa proseso ng identipikasyon, pagbawi, pagmarka, o ayon sa 810.H).

- G. Hindi maaaring tumindig ang isang manlalaro o iwan ang kaniyang gamit kung saan maaaring makagulo sa galaw ng mga disc. Maaaring hilingin ng isang manlalaro ang iba pang manlalaro na gumalaw o ilipat ang kanilang gamit kung nakagugulo ang mga ito sa kaniyang bato. Ang pagtanggap sa hiling ay courtesy violation.
- H. Ang disc na ibinato ng ibang manlalaro at bumagsak sa o sa likod ng lie ay maaaring galawin. Pagkatapos bumato ng manlalaro, ang disc ng iba pang manlalaro ay ibabalik kung saan ito bumagsak, ayon sa mapagkakasunduan ng grupo..

811 Misplay

- A. Responsibilidad ng mga manlalaro na laruin ang course nang tama. Bago mag-simula ang laro, inaasahang dumalo ang mga manlalaro **sa pulong ng mga manlalaro** para malaman kung mayroong mga espesyal na kondisyon sa course, katulad ng mga dagdag na hole, alternatibong teeing area, alternatibong lalagyan ng hole, out-of-bound area, mandatory, at drop zone.
- B. May naganap na **misplay** kung ang isang manlalaro ay hindi nakumpleto nang tama ang bawat hole sa course sa tamang pagkakasunod, o bumato mula sa maling lie para sa kahit anong bato.
- C. Kung matutuklasan ang misplay pagkatapos masumite ang scorecard, tatanggap ng penalty throw ang manlalaro nang ayon sa kalikasan ng misplay.
- D. Hindi stance violation ang misplay. Hindi rin ito practice na bato.
- E. Kapag sinadya ng manlalaro ang kaniyang misplay sa course para magkaroon ng bentahe sa kompetisyon, maaari siyang madiskwalipika, ayon sa Seksiyon 3.03 ng Manwal para sa Kompetisyon.
- F. Mga Uri ng Misplay:
1. **Maling Lie.** Bumato ang manlalaro mula sa lie na mali. Halimbawa:
 - a. Nag-tee off ang manlalaro mula sa teeing area na hindi tama para sa kasalukuyang hole; o,
 - b. Bumato ang manlalaro mula sa lie bukod sa lie na itinakda ng ibinatong disc; o,
 - c. Nilaro ng manlalaro ang isang out-of-bounds disc na para bang in-bounds ito; o,
 - d. Bumato ang manlalaro mula sa itinakda ng naunang bato na nakamintis ng mandatory; o,
 - e. Naglaro ang manlalaro ng disc sa lugar ng Relief na para bang hindi ito lugar ng Relief.

Kung walang sumunod na bato pagkatapos ng isang batong misplay, ang batong iyon ay isasawalang-bahala. Babato ang manlalaro mula sa tamang lie at makatatanggap ng isang penalty throw para sa misplay. Kung may dagdag na

batong nagawa pagkatapos ng batong misplay, magpapatuloy ang manlalaro at makatatanggap ng dalawang penalty throw para sa misplay.

2. Maling Target. Nakumpleto ng manlalaro ang hole sa maling target. Kung walang sumunod na bato pagkatapos ng misplay na ito, magpapatuloy ang laro mula sa nalikhang lie. Kung ang target ay basket target, ang disc ay nasa ibabaw ng playing surface at magpapatuloy ang laro ayon sa 805.01.C. Kung nakapag-tee off na ang manlalaro sa susunod na hole, dalawang penalty throw ang idadagdag sa kaniyang puntos para sa misplayed hole na ito.
3. Kabiguang Makumpleto ang Hole. Natapos ng manlalaro ang round o bumato na sa hole nang hindi nakukumpleto ang naunang hole. Ang puntos para sa misplayed na hole ay ang bilang ng pagbato, dagdagan ito ng isa para sa pagkumpleto ng hole, at dagdagan pa ng dalawang penalty throw para sa misplay. Ang sinadyang hindi makumpleto ang isang hole ay itinuturing na pag-atras sa kompetisyon.
4. Hindi Sunod-Sunod na Laro. Mali ang pagkakasunod-sunod ng pagkumpleto ng manlalaro sa hole. Itutuloy ng manlalaro ang paglalaro sa course sa tamang pagkakasunod-sunod. Anuman ang bilang ng hole na nalaro sa maling pagkakasunod-sunod sa round na ito, dalawang penalty throw ang idadagdag sa puntos ng manlalaro para sa misplay. Mananatili ang puntos para sa anumang nakumpletong hole.
5. Absent. Kung ang isang manlalaro ay wala sa simula ng round para sa kaniyang grupo, ituturing na absent ang manlalaro at hindi niya maaaring laruin ang hole. Ituturing din na absent ang manlalaro kung hindi niya nalaro ang naunang hole at wala siya sa panahong handa nang simulan ng kaniyang grupo ang isang hole. Makatatanggap ang manlalarong ito ng puntos na par plus four para sa bawat hole na hindi niya nalaro. Ang par ay itatakda ng Direktor.
6. Nawawala. Kung kasama ang manlalaro sa grupo at ngayon ay nawawala kapag oras na para siya ang tumira, bibigyan ang manlalarong ito ng 30 segundo para bumalik sa kaniyang grupo. Kung wala pa rin ang manlalaro pagkatapos, ituturing ang manlalaro na absent para sa hole at makatatanggap ng puntos na par plus four para sa hole. Tingnan ang 802.03.C para sa hindi isinasama sa alintuntuning ito.
7. Kinaligtaang Hole. Nakumpleto na ang round, at nakaligtaan ng manlalaro na maglaro sa isa o higit pang hole. Makatatanggap ang manlalaro ng puntos na par plus four para sa bawat hole na hindi nalaro.
8. Maling Hole. Nakakumpleto ang manlalaro ng hole na hindi bahagi ng course para sa round, sa halip na hole na bahagi ng course para sa round. Dalawang penalty throw ang idadagdag sa puntos ng manlalaro para sa hole na iyon.
9. Dagdag na Hole. Nakakumpleto ang manlalaro ng hole na hindi bahagi ng course para sa round. Dalawang penalty throw ang idadagdag sa puntos ng manlalaro. Ang mga ibinato sa dagdag na hole ay hindi bibilangin.

10. Maling Grupo. Nagsimula ng laro ang manlalaro kasama ang grupo na hindi naman siya bahagi. Kailangang makita ng manlalaro ang kaniyang grupo para magsimula ng laro. Hindi bibilangin ang alinmang bato ng manlalaro sa maling grupo. Makatatanggap ng parusa ang manlalaro sa kaniyang pagiging absent sa kaniyang tamang grupo.
11. Maling Hole. Nagsimulang maglaro ang grupo sa hole na hindi naman itinakda para sa kanila. Kung may kahit isang manlalarong bumato nang higit sa isa sa hole na ito, ang buong grupo ang nagkasala ng misplay sa hole. Kukumpletuhin ng grupo ang hole, at ang bawat manlalaro’y dadagdagan ng dalawang penalty throw sa puntos nila sa hole na ito. Kung hindi, ang mga manlalarong nakapagbato nang isang beses sa maling hole ay makatatanggap ng isang penalty throw, at ang batong misplay ay hindi bibilangin. Pupunta ang grupo sa tamang hole para simulan ang kanilang round.

812 Paggalang

A. Ito ang mga hindi dapat gawin ng isang manlalaro:

1. Bumato kung makasasakit ng ibang tao, o makaabala sa ibang manlalaro
2. Bumato nang hindi tama ang pagkakasunod-sunod nang walang pahintulot o kung makaaaapekto siya sa ibang manlalaro
3. Magsagawa ng mga nakaabala o unsportsmanlike na aksiyon tulad ng:
 - a. Pagsigaw (maliban na lang kung nagbabala sa taong baka matamaan ng disc),
 - b. Pagmumura
 - c. Paghampas, pagsipa, o pagbato ng mga gamit ng parke, course, o ibang manlalaro
 - d. Paggalaw o pagsasalita habang ang isang manlalaro ay bumabato ng disc.
 - e. Pag-abante lampas sa away player; o,
4. Mag-iwan ng gamit kung saan maaari itong makaabala ng ibang manlalaro o makagulo sa pagbato ng disc
5. Magkalat, kasama rito ang upos ng sigarilyo; o
6. Gambalain ang ibang tao sa pamamagitan ng usok ng mga ito.

B. Ang manlalaro ay dapat:

1. Kumilos nang sang-ayon sa mga alituntunin, kasama na rito ang:
 - a. Pagtulong sa paghanap ng nawawalang disc; at,
 - b. Paglipat ng gamit kapag hiniling ito; at,
 - c. Tapat na itala ang puntos.

2. Manmanan ang ibang miyembro ng grupo para siguraduhing sinusunod ang mga alituntunin at tumutulong maghanap ng mga disc.
- C. Makatatanggap ang manlalaro ng babala para sa unang paglabag sa courtesy rule. Bawat sumunod na paglabag sa courtesy rule ng manlalarong iyon ay magdudulot ng isang penalty throw. Maaaring banggitin o kumpirmahin ang paglabag sa paggalang ng apektadong manlalaro, o ng isang Opisyal. Ang paulit-ulit na paglabag sa paggalang ay maaaring magresulta sa diskwalipikasyon ng manlalaro ayon sa Direktor.

813 Gamit

813.01 Ilegal na Disc

- A. Ang mga disc na ginagamit sa laro ay kailangang naaprubahan ng PDGA at sumusunod sa lahat ng kondisyong itinakda ng PDGA Technical Standards. Para sa listahan ng mga aprubadong disc, tingnan ang pdga.com/technical-standards/equipment-certification/discs
- B. Ito lamang ang mga hinahayaang pagbabago sa mga disc:
1. Kaunting pagkasira dulot ng paggamit habang naglalaro;
 2. Kaunting pagliliha para maisaayos ang kaunting pagkasira o di kaya’y maliit na imperpeksiyon;
 3. Pagmamarka gamit ang dye o permanenteng tinta.
- C. Ang iba pang pagbabago na nagsasanhi ng pagiging ilegal ng disc ay ang sumusunod:
1. Pagbabago sa disc para baguhin ang mga katangian ng paglipad nito;
 2. Sobra-sobrang pagliliha ng disc;
 3. Pag-etch, pag-ukit, o pag-engrave sa disc;
 4. Pagdagdag ng materyal na halata ang pagpapakapal, tulad ng pintura.
- D. Kapag inanunsiyo ng Direktor ang paglalaro sa gabi o sa snow, maaaring magdagdag ang mga manlalaro ng materyal na makatutulong sa paghahanap ng disc.
- E. Ang disc na may lamat o butas ay ilegal.
- F. Ang disc na kinuwestiyon ng iba pang manlalaro o isang Opisyal ay ilegal hanggang hindi ito naaprubahan ng Direktor.
- G. Ang manlalarong babato ng ilegal na disc ay makatatanggap ng dalawang penalty throw. Ang manlalarong tuloy-tuloy lang sa pagbato ng ilegal na disc ay maaaring madiskwalipika sang-ayon sa Seksiyon 3.03 ng PDGA Manwal para sa Kompetisyon.

Apendise A

Match Play

A.01 Pangkalahatan

- A. Sa match play, isang pares ng manlalaro ang maglalaman para mapanalunan ang bawat hole sa round. Ang manlalarong makapapanalo ng mas maraming hole ang panalo sa match.
- B. Ang mga Opisyal na Alituntunin ng Disc Golf (na naglalarawan sa medal play) ang gagamitin maliban na lang kung ang mga alituntuning ito ang gagamitin.
- C. Ang isang pares ng magkalaban ay kinakailangang maglaro sa isang grupo nang may kasama na kahit isa pang pares ng kalaban, o di kaya'y isang Opisyal.

A.02 Pagkakasunod-sunod ng Laro

- A. Ang pagkakasunod-sunod ng pag-tee ng mga pares ng magkalaban sa parehong grupo ay alinsunod sa pagkakasunod-sunod sa scorecard.
- B. Sa bawat pares ng magkalaban, ang manlalarong una sa listahan ng scorecard ang unang babato sa unang hole. Sa mga susunod na hole, ang manlalarong nanalo sa naunang hole ang unang babato. Hindi babaguhin ng tie ang pagkakasunod-sunod ng pagbato.

A.03 Mga Parusa

- A. Tanging ang kalaban lamang ng manlalaro ang maaaring gumawa ng call tungkol sa paglabag ng mga alituntunin o magbabala sa manlalaro. Kahit sinong manlalaro sa grupo o isang Opisyal ang maaaring magkumpirma ng call.
- B. Ang mga parusa at babalang natasa sa pagitan ng mga hole ay ipatutupad sa susunod na hole.

A.04 Pagpupuntos

- A. Ang pagpupuntos sa match ay itatala batay sa kung sino ang manlalarong nanalo nang mas maraming hole. Nagsisimula ang match na tie ang pares, o all square. Sa proseso ng match, ang manlalarong nanalo ng mas maraming hole ay up ng ganoong karaming hole. Ang kalaban nila ay down ng ganoong karaming hole.
- B. Napapanalunan ng manlalaro ang isang hole sa pagkumpleto ng hole na iyon sa mas kaunting bato kumpara sa kaniyang kalaban. Ang manlalarong napanalunan ang hole na iyon ay makatatanggap ng puntos na 1. Walang matatanggap na puntos ang kaniyang kalaban, na maaaring markahan sa pamamagitan ng dash. Kung makumpleto ng dalawang manlalaro ang hole nang may parehong bilang ng bato, ang hole ay hahatiin, at wala sa kanilang dalawa ang makatatanggap ng puntos.

- C. Maaaring itanong ng manlalaro sa kaniyang kalaban kung ilang bato na ang ginawa nito sa kasalukuyang hole. Ang manlalarong magsinungaling tungkol sa bilang na ito ay talo sa hole na iyon.

A.05 Pagsuko

- A. Maaaring isuko ng isang manlalaro ang match sa kahit anong sandali bago matapos ang match. Mapapanalunan ng kaniyang kalaban ang match.
- B. Maaaring isuko ng isang manlalaro ang hole sa kahit anong sandali bago matapos ang hole. Mapapanalunan ng kaniyang kalaban ang hole.
- C. Maaaring isuko ng isang manlalaro ang susunod na bato ng kaniyang kalaban. Ang batong iyon ang ituturing na kumumpleto sa hole.
- D. Maaaring magkasundo ang isang pares ng manlalaro na hatiin ang hole na nilalaro.
- E. Ang pagsuko ay hindi maaaring tanggihan o bawiin.

A.06 Pananalo ng Match

- A. Kapag ang isang manlalaro ay up nang mas maraming hole kaysa sa natitirang hole, napanalunan na ng manlalarong iyon ang match.
- B. Kapag ang isang pares ng manlalaro ay all square sa dulo ng round, tie ang match. Ang Direktor ang magdedesisyon kung at kung paano maresolba ang tie.

Apandise B

Doubles at Team Play

B.01 Pangkalahatan

- A. Ang isang doubles team ay binubuo ng dalawang manlalaro. Posibleng magkaroon ng alternatibong format na may iba-ibang dami ng manlalaro sa team na maaaring ma-extrapolate sa mga alituntuning ito.
- B. Ang Mga Opisyal na Alituntunin ng Disc Golf ang gagamitin, maliban na lang kapag pinapalitan ang mga alituntuning ito.

B.02 Pagkakasunod-sunod ng Laro

- A. Ang pagkakasunod-sunod ng pagbato sa unang hole ay iaayos sa pagkakalista ng mga team sa mga scorecard. Ang pagkakasunod-sunod ng pagbato sa mga susunod na tee ay itinatakda ng puntos sa naunang hole. Ang team na may pinakamababang puntos ang babato nang una, at iba pa. Hindi binabago ng mga tie ang pagkakasunod-sunod ng pagbato.
- B. Pagkatapos na may lie na ang lahat ng team na hindi ang teeing area, ang team na may lie na pinakamalayo sa target ang susunod sa babato.

- C. Ang mga miyembro ng isang team na bumabato mula sa iisang lie ay maaaring bumato sa anumang pagkakasunod-sunod.

B.03 Mga Parusa

- A. Naaapektuhan lamang ng mga parusang ipinapataw dahil sa bato ang miyembro ng team na tanging bumato. Lahat ng ibang babala at parusa na ipinapataw sa buong team at binibilang laban sa puntos ng team, anuman ang format.
- B. Ang alinmang bato na walang posibilidad na pagandahin ang puntos ng isang iteam ay dagdag na bato. Ang isang team na may miyembrong gumawa ng dagdag na bato ay makatatanggap ng babala para sa unang paglabag, at isang penalty throw para sa mga susunod na paglabag ng sinomang miyembro ng team.

B.04 Ang Lie

- A. Sa mga format kung saan ang parehong miyembro ng team ay babato mula sa parehong lie, kung may miyembro ng team na babato mula sa lie na iba sa lie kung saan bumato ang unang miyembro, makatatanggap siya ng isang penalty throw para sa misplay.
- B. Ang lie na ginagamit ng parehong miyembro ng team ay kailangang markahan gamit ang parehong pangmarkang disc. Magkakaroon ng marking violation ang hindi gagawa nito.

B.05 Mga Format

A. *Pinakamahasay na Bato*

1. Babato mula sa teeing area ang parehong miyembro ng team. Pipiliin ng team kung alin sa dalawang posisyon sila pupwesto para sa susunod na bato. Babato mula sa parehong lie ang parehong miyembro, at pipili silang muli kung sa aling posisyon sila babato, at iba pa.
2. Makukumpleto ng team ang hole kapag nakumpleto na ng alin man sa mga miyembro ang hole.
3. Ang puntos ng team para sa hole ay ang bilang ng bato para sa mga lie na ginamit, dagdag pa ang mga penalty throw.
4. Kung populutin ng team ang ibinatong disc bago makapili ng lie o mamarkahan ng pangmarkang disc, hindi maaaring piliin ng team ang batong iyon. Kung populutin ng team ang parehong disc nang wala pang napipiling lie, ang ikalawang disc na pinulot ay ibabalik sa orihinal nitong posisyon, ayon sa mapagkakasunduan ng grupo, at kailangang maglaro ang team mula sa lie na ito.
5. Kung ang isang miyembro ng team ay absent, nahuhuli, o tumigil sa paglalaro, maaari pa ring maglaro ang isa pang miyembro, pero walang babato para sa nawawalang miyembro ng team. Maaari lamang sumali ulit sa laro ang nahuling miyembro ng team sa pagitan ng mga hole.

B. Inibang Pinakamahusay na Bato

1. Pareho lang ang Inibang Pinakamahusay na Bato sa Pinakamahusay na Bato, bukod sa isang pagkakaiba: Maaaring maglimita ang Direktor sa dami ng beses maaaring gamitin ng team ang tee throw ng bawat miyembro. Makatatanggap ang team ng dalawang penalty throw tuwing nalampasan ang limitasyong ito.

C. Pinakamalalang Bato

1. Babato ang parehong miyembro ng team mula sa teeing area. Ang mga kalaban ng team ang pipili kung alin sa dalawang posisyon maglalaro ang team. Ang layunin nila'y pataasin ang puntos ng team sa hole. Babato ang parehong miyembro ng team mula sa lie na ito, at pipili muli ang kanilang kalaban kung mula sa aling posisyon babato ang team, at iba pa.
2. Makukumpleto lamang ng team ang hole kapag nakumpleto na ng lahat ng miyembro ang hole.
3. Ang puntos ng team para sa hole ay ang bilang ng bato para sa mga lie na ginamit, dagdag pa ang mga penalty throw.
4. Kung pupulutin ng team ang ibinatong disc bago makapili ng lie o mamarkahan ng pangmarkang disc ng kanilang kalaban, ibabalik ang disc sa orihinal nitong posisyon, ayon sa mapagkakasunduan ng grupo. Pipili pagkatapos ang mga kalaban mula sa lie ng ginalaw na disc, ang lie ng isa pang disc, at ang naunang lie, kung alin sa mga ito ang lie para sa ginalaw na disc.
5. Kung pipili ang mga manlalaro ng lie na malinaw na pumapabor sa kanila, maari silang idiskwalipika ng Direktor.
6. Kung ang isang miyembro ng team ay absent, huli, sumuko, o nadiskwalipika, ang buong team ay diskwalipikado.

D. Mahirap na Bato

1. Ang Mahirap na Bato ay pareho lang sa Pinakamalalang Bato, bukod sa isang pagkakaiba: Makukumpleto ng team ang hole kapag may isang miyembro ng team na makakumpleto nito.

E. Halinhinang Bato

1. Pipili ang team kung aling miyembro ang unang babato sa unang hole. Pagkatapos, bawat miyembro ng team ay babato mula sa lie na ginawa ng bato ng naunang miyembro, at iba pa.
2. Makukumpleto ng team ang hole pag may isang miyembro ng team na makakumpleto nito.
3. Ang puntos ng team para sa hole ay ang bilang ng bato ng mismong team, dagdag pa ang mga penalty throw.

4. Ang pagbato ng maling miyembro ng team ay misplay, at may karampatang parusa na isang penalty throw. Babalewalain ang bato, at saka babato ang tamang miyembro ng team. Kung may dagdag na batong nagawa bukod sa batong ginawa ng maling miyembro ng team, makatatanggap ang team ng dalawang penalty throw, at magpapatuloy ang laro.
5. Para sa kahit anong muling pagbato mula sa parehong lie, ang parehong manlalaro ang babatong muli.
6. Makatatanggap ang team ng puntos na par plus four para sa kahit anong hole na hindi nadaanan ng huli o absent na miyembro ng team. Sakaling may mag-withdraw o madiskwalipikang miyembro ang alinmang team, ang buong team ay madidiskwalipika.

F. Inibang Halinhinang Bato

1. Ang Inibang Halinhinang Bato ay pareho lang sa Halinhinang Bato, bukod sa isang pagkakaiba: maaaring itakda ng Direktor kung alin sa miyembro ng team ang unang babato sa bawat hole.

G. Pinakamahasay na Puntos

1. Bawat miyembro ng team ay maglalaro bilang indibidwal na manlalaro.
2. Makukumpleto ng team ang hole pag nakumpleto ng isang miyembro ng team ang hole nang may pinakamababang potensyal na puntos para sa team.
3. Ang puntos ng team para sa hole ay ang pinakamababang puntos sa hole ng alinmang miyembro ng team, kasama ang kahit na anong penalty throw ng manlalarong iyon, dagdag pa ang alinmang penalty throw ng team.

H. Pinakamahasay na Puntos mula sa Halinhinang Lie

1. Bawat miyembro ng team ay babato mula sa teeing area, na magsisimula ng dalawang sequence ng Halinhinang Bato.
2. Makukumpleto ng team ang isang hole kapag alinman sa dalawang sequence ng Halinhinang Bato ay makumpleto nang may pinakamababang potensyal na puntos para sa team.
3. Ang puntos ng team ay ang mas mababa sa mga puntos para sa dalawang sequence ng Halinhinang Bato, kasama ang alinmang penalty throw para sa sequence na iyon, dagdag pa ang alinmang penalty throw ng team.

Apendise C

Mga Sanggunian

Mga Opisyal na Alituntunin ng Disc Golf:

pdga.com/rules/official-rules-disc-golf

Q & A tungkol sa mga Alituntunin:

pdga.com/rules/official-rules-disc-golf/questions-and-answers

Competition Manual:

pdga.com/rules/competition-manual-disc-golf-events

Course Directory:

pdga.com/course-directory

Mga Teknikal na Standard:

pdga.com/technical-standards

Apendise D

Tumbasan

Lahat ng pagsusukat na inilista sa mga alituntunin ay nasa metrikong yunit. Ang mga sumusunod na katumbas na imperyal na yunit ang gagamitin kapag walang magagamit na aparatong pansukat na metriko ang sistema.

| | |
|---------------------|-------------------------|
| 10 metro | 2 talampakan 10 pulgada |
| 3 metro | 9 talampakan 10 pulgada |
| 2 metro | 6 talampakan 7 pulgada |
| 1 metro | 3 talampakan 3 pulgada |
| 30 sentimetro | 1 talampakan |
| 20 sentimetro | 8 pulgada |
| 1 sentimetro | 1/2 pulgada |

Mga Tala

Apendise E

Indeks

| | | | |
|---|------------|---|----------|
| All Square..... | A.04.A | Muling Pagbato..... | 802.02.D |
| Away Player | 802.02.C | Object Target..... | 807.A |
| Basket Target, o Basket | 807.A | Opisyal | 801.02.F |
| Babala..... | 801.02.D | Opisyal ng Torneo | 801.02.F |
| Bato..... | 802.01.A | Out-of-bound | 806.02.A |
| Dagdag na Bato..... | B.03.B | Paglalaro | 802.05.A |
| Direktor | 801.02.G | Pangmarka | 802.05.D |
| Down | A.04.A | Pangmarkang Disc | 802.05.D |
| Drop Zone..... | 802.05.C | Par | 811.F.5 |
| Grupo | 801.02.A | Penalty Throw | 801.02.E |
| Hazard | 806.05.A | Posisyon | 805.01.A |
| Hinati | A.04.B | Practice na Bato..... | 809.03.A |
| Hole | 800 | Probisyon na Bato, o Probisyon | 809.02.A |
| In-bound | 806.02.A | Pulong ng Grupo | 811.A |
| Kaswal na Balakid | 803.01.B.1 | Putt..... | 806.01.A |
| Kaswal na Lugar | 806.03.A | Rutang Mandatory | 804.01.A |
| Kaswal na Tubig | 806.03.A | Supporting Point..... | 802.04.B |
| Lie | 802.05.A | Target..... | 807.A |
| Line of Play..... | 802.05.D | Tee Line | 802.04.A |
| Lugar ng Relief | 806.04.A | Teeing Area, o Tee | 802.04.A |
| Maliit na Pangmarkang Disc, o Maliit | 802.06.B | Two-meter Rule | 805.02.A |
| Match Play..... | A.01.A | Up | A.04.A |
| Medal Play | A.01.B | Warning..... | 801.02.D |
| Misplay | 811.B | | |

Mga Tala



Karapatang-Ari

Ang buong karapatang-ari ng librong ito at anumang pag-uulit ng nilalaman ay reserbado ng PDGA. Ang mga kopya ng librong ito ay ibinebenta para mabawi ang gastos ng produksiyon, at maaaring makuha mula sa opisina ng PDGA o/at sa pdgastore.com. Ang mga asosasyong PDGA-affiliated ay binigyang-permisyo na isalin ang mga alituntuning ito basta't ang mga alituntunin ay hindi babaguhin o sasalongatin. Kailangang bigyang-pansin ang PDGA Executive Director tungkol sa salin at padalhan ng kopya.

The PDGA is a non-profit organization under US IRC Section 501(c)(4) and its incorporated business office is located at:

Alamo Corporate Center
102 S. Tejan Street, Suite 800
Colorado Springs, CO 80903

PDGA Administrative Offices

International Disc Golf Center
3828 Dogwood Lane
Appling, GA 30802
www.pdga.com
office@pdga.com
706.261.6342
706.261.6347 (fax)

Project Credits

Labis na pagpapahalaga sa mga miyembro ng Competition Committee na tumulong sa rebisyong ito:

Jay Reading (chair)
Andrew Sweeton
Mike Sullivan
Michael Belchik
Chuck Connolly
Scott Elam
Avery Jenkins
Kristy Moore
Suzette Simons
Shawn Sinclair
Steve Storrie

Cover art: Jennie Weigand

Cover photos: Hayden Henry, Drew Hierwarter, Kevin Huver, Conrad Meyer, Matthew Rothstein, John Whinery
Typography: Neal Dambra

Bersyon ng Filipino

Luisa Bartolome



Competition Manual for
Disc Golf Events

Manwal Para Sa Kompetisyon

DISC GOLF

PDGA.com

PDGA™

Talaan ng Nilalaman

Pahina

| | |
|-------------------------|---|
| Introduksiyon..... | 1 |
| Diwa ng Laro | 1 |
| Disc Golfer's Code..... | 1 |

Seksiyon 1: Proseso ng Torneo

| | |
|--|----|
| 1.01 Sino ang Maaaring Maglaro?..... | 2 |
| 1.02 Rehistrasyon sa mga Torneo | 2 |
| 1.03 Pag-atras at Pagbabalik ng Pera | 5 |
| 1.04 Check-In sa Laro | 6 |
| 1.05 Practice na Round, Pagsisimula ng Laro, Huling Pagdating..... | 7 |
| 1.06 Paggugrupo at Pagseseksiyon | 8 |
| 1.07 Pagsuspinde ng Laro | 9 |
| 1.08 Pagpapaliit ng Sukat ng Field (Cut) | 11 |
| 1.09 Mga Tie..... | 12 |
| 1.10 Distribusyon ng mga Premyo | 13 |
| 1.11 Mga Opisyal..... | 14 |
| 1.12 Mga Opisyal ng Torneo | 15 |
| 1.13 Kaligtasan ng mga Kabataan..... | 15 |
| 1.14 Mga Liga..... | 16 |

Seksiyon 2: Kwalipikasyon sa mga Dibisyon

| | |
|---|----|
| 2.01 Pangkalahatan | 17 |
| 2.02 Mga Eksepsiyon | 18 |
| 2.03 Reclassification ng Professional/Amateur..... | 19 |
| 2.04 Mga Professional na Naglalaro ng Amateur/Mga Amateur na Naglalaro ng Professional | 19 |
| 2.05 Tunay na Amateur | 20 |

Seksiyon 3: Player Code of Conduct

| | |
|---|----|
| 3.01 Pangkalahatan | 19 |
| 3.02 Bilis ng Laro..... | 21 |
| 3.03 Misconduct ng Manlalaro..... | 21 |
| 3.04 Pananamit..... | 23 |
| 3.05 Mga Cart, Caddie, at Grupo..... | 24 |
| 3.06 Turo žaidėjū ryšiai su žiniasklaida ir rėmėjais..... | 25 |
| 3.07 Polisiya sa mga Manininda sa Tour..... | 25 |
| 3.08 Mga Karapatan at Responsibilidad ng Direktor ng Torneo | 25 |

COMPETITION MANUAL FOR DISC GOLF EVENTS

Manwal Para Sa Kompetisyon

Introduksiyon

Ang PDGA Competition Manual for Disc Golf Events (Manwal para sa Kompetisyon) ay naglalarawan sa proseso at mga gabay para sa mga event ng PDGA at kailangang gamitin kasama ang **Mga Opisyal na Alituntunin ng Disc Golf** at ng Tour Standards document. Ang mga proseso at gabay na ito'y kailangang sundin sa mga event na may sanction ng PDGA maliban na lang kung may ibang espisipikong sinabi. Kung sa tingin ng Direktor ng Torneo ay hindi katanggap-tanggap ang mga pribisyon sa kahit ano sa mga dokumentong ito, maari silang humiling ng waiver mula sa **PDGA Director of Event Support** sa eventsupport@pdga.com o tumawag sa 762-253-2200.

Ang Diwa ng Laro

Ang disc golf ay karaniwang nilalaro nang walang superbisyon ng referee o umpire. Nakasalalay ang laro sa manlalaro na magpakita ng sportsmanship, integridad, konsiderasyon sa ibang manlalaro, at susunod sa **Mga Opisyal na Alituntunin ng Disc Golf**. Lahat ng manlalaro'y kailangang kumilos sa disiplinadong paraan, magpamalas ng courtesy at sportsmanship sa lahat ng oras, gaano man sila ka-competitive.

Gumawa ng call. Tanggapin ang call. Walang personalan; ito ang mga alituntunin. Ito ang diwa ng laro ng disc golf.

Disc Golfer's Code

1. Maglaro Nang Matalino:

HUWAG NA HUWAG babato sa lugar na hindi nakikita o kung mayroong malapit na manlalaro, manunuod, pedestrian o iba pang gumagamit ng pasilidad. Gumamit ng spotter.


2. Igalang ang Course:

Sundin lahat ng alituntunin. Huwag magkalat, mag-graffiti, o mang-abuso ng gamit o halaman.

3. Katawanin ang Laro:

BMaging positibo at responsible. Turuan ang iba.

Magbasa pa tungkol sa mga alituntunin at laro sa pdga.com



Seksiyon 1: Proseso ng Torneo

1.01 Ang Maaaring Maglaro

- A. Lahat ng miyembro ng PDGA na may good standing ay maaaring maglaro sa alinmang dibisyon na kwalipikado sila, base sa klase (Propesyonal o Amateur), edad, kasarian, at ranggo. Ang mga eksepsiyon ay kailangang una nang naaprubahan ng PDGA Director of Event Support. Pakitingnan ang Seksiyon 2: Kwalipikasyon para sa Dibisyon para sa mga mas espisipikong impormasyon tungkol sa mga maaaring maglaro sa mga dibisyon.
- B. Rekisito sa mga Miyembro:
1. Kailangang kasalukuyang miyembro ng PDGA para makapaglaro sa alinmang Major, Elite Series, A-Tier, o B-Tier event.
 2. Sa iba pang larong may sanction ng PDGA, ang mga manlalarong hindi miyembro sa kasalukuyan ay maaaring maglaro sa pamamagitan ng pagbayad ng non-member fee (hindi rekisito para sa mga Liga, tingnan ang 1.14.C.1).
 3. Sa mga larong may sanction ng PDGA na pinapayagan ang mga hindi miyembro o hindi kasalukuyang miyembro na maglaro sa pamamagitan ng pagbayad non-member fee, hindi kailangan ng fee para sa manlalarong sasali sa Junior division o sa mga larong ang rekisito ay idineklarang hindi kailangan ng PDGA Director of Event Support (halimbawa mga laro ng WGE o Competition Endowment Program events).

1.02 Rehistrasyon sa mga Torneo

- A. Rekisito ang pre-registration sa PDGA Majors, Elite Series, and A-Tier events, at inirerekomenda sa iba pang mga Tier.
- B. Hindi pa opisyal na nakasasali ang isang manlalaro hanggang hindi pa natatanggap at nakukumpirma ang kanilang entry fee.
- C. Lahat ng pwesto sa laro ay pupunuan sa first-come, first-served basis, maliban na lang kung napalaganap ang balita tungkol sa divisional o Pro/Am class cap sa rehistrasyon. Sa kasong ito, bawat dibisyon o klase ay pupunuan sa first-come, first-served basis. Tingnan ang mga hindi kasama sa first-come, first-served sa baba.
1. Mga Eksepsiyon
Akma ang ilang eksepsiyon sa first-come, first-served sa paggawad sa mga lokal na grupo at boluntaryo para sa kanilang trabaho at serbisyong grass-roots, para bigyan ang mga Direktor ng Torneo (TD) na gamit para lumikom ng pera para sa torneo na nagbebenipisyo sa lahat ng manlalaro, at para hayaan ang mga TD na bigyang-prioridad ang mga espisipikong demograpiko na lumalaki ang dami ng naglalaro ng isport sa kanilang lugar, ayon sa sarili nilang pagtatasa.
 - a. Hindi kasama ang mga eksepsiyong ito sa mga larong PDGA Major o sa

PDGA Elite Series, dahil ang mga larong ito'y mayroon nang naitakdang pamantayan ng rehistrasyon sa pamamagitan ng kanilang mga kasunduan sa PDGA. Ang mga A-Tier na larong kasabay na isang Elite Series ay maaaring gumamit ng mga eksepsiyon.

- b. Sa lahat ng kaso, lahat ng paggamit sa mga eksepsiyon ay kailangang malinaw at naipahayag sa publiko sa tamang panahon at sa paraang nagbibigay-opportunidad sa kahit sinong manlalaro na maharap ang mga pamantayang kasama sa mga espisipikong eksepsiyon.
- c. Ang mga pinapayagang eksepsiyong nakalista sa ibaba (2, 3, & 4), kinakategorya bilang Unlimited, Limited, at PDGA Affiliate Club, ang TANGING eksepsiyong pinapayagan para sa mga larong may sanction ng PDGA, bukod sa 100% first-come, first-served na rehistrasyon.

2. Unlimited Permitted Exceptions

Ang mga Unlimited Permitted Exceptions ay hindi nalilimitahan ng porsiyento ng pwesto sa laro, pero ang mga espisipikong tier ng maagang rehistrasyon para sa Unlimited Permitted Exception ay kailangang first-come, first-served, sa kahit sinong manlalaro na nahaharap ang mga espisipikong pamantayan ng tier ng rehistrasyon na iyon.

- a. Maaaring mag-alok ang mga TD ng tier para sa maagang rehistrasyon base sa PDGA Player Ratings, para bigyan ng prioridad ang mga manlalarong mataas ang ranggo (halimbawa: Elite Series events, USADGC).
- b. Maaaring mag-alok ang mga TD ng tier para sa maaagang rehistrasyon base sa kwalipikasyon sa pamamagitan ng mga qualifier event na may sanction ng PDGA na bukas sa lahat ng manlalaro (halimbawa: PDGA Worlds, USDGC, USADGC, o Points Series Finale).
- c. Maaaring mag-alok ang mga TD ng tier para sa maaagang rehistrasyon base sa mga espisipikong dibisyon na underserved. Limitado ang mga ito sa mga dibisyong pambabae lamang, junior division, o nakabase sa edad na senior division (50 at mas matanda).

3. Limited Permitted Exceptions

Pamantayan ng Paggamit:

- a. Maaaring gamitin ng mga TD ang isa o higit sa tatlong nakalistang Limited Permitted Exception, pero hindi sila maaaring magbigay ng higit sa one-third (33%) ng pwesto sa isang laro sa kahit anong kombinasyon ng Limited Permitted Exception na ginamit. Kung gayon, ang two-thirds (67%) ng mga pwesto sa laro ay kailangang manatiling first-come, first-served ang rehistrasyon.
- b. Kapag naanunsyong may Pro/Am class caps ang rehistrasyon sa laro, hindi hihigit sa one-third (33%) ng mga pwesto para sa Pro at one-third (33%)

ng mga pwesto para sa Amateur ang maaaring ibigay nang kabuuan sa kahit anong kombinasyon ng paggamit sa Limited Permitted Exception. Ang two-thirds (67%) ng mga pwesto sa laro ay kailangan manatiling first-come, first-served ang rehistrasyon, para sa parehong Pro at Amateur.

- c. Kung ang isang laro ay may divisional registration cap, hindi hihigit sa kalahati (50%) ng mga pwesto sa dibisyon ang maaaring ibigay sa kahit anong kombinasyon ng mga ginamit na Limited Permitted Exceptions. Kalahati (50%) ng mga pwesto sa laro ay kailangan pa ring first-come, first-served ang rehistrasyon sa loob ng kahit anong dibisyon.
- d. Ang mga sumusunod ang Limited Permitted Exception:

- 1. Ang Affiliate Club Membership Exception

Maaaring mag-alok ang mga TD ng maagang rehistrasyon sa mga bayad na miyembro ng mga lokal na disc golf club na namamahala, nagpapatkbo, o kahit anong uri ng tulong sa tagumpay ng laro, at nakarehistro bilang PDGA Affiliate Club. Hindi maaaring eksklusibo ang pagiging miyembro ng Club, at kailangang ipahayag sa publiko, para kahit sinoman ay maaaring maharap ang pamantayan para maging bahagi ng Affiliate Club Membership Exception kung gusto nila.

- 2. Event Sponsorship Exception

Maaaring mag-alok ang mga TD ng maagang rehistrasyon sa mga manlalarong sumasang-ayon maging sponsor ng laro (o designated na manlalaro ng sponsor ng laro), sa lebel na itinakda ng Direktor ng Torneo. Kailangang hindi eksklusibo ang oportunidad ng sponsorship at kailangan itong ipahayag sa publiko para kahit sino'y maharap ang pamantayan para maging bahagi ng Event Sponsorship Exception kung gusto nila.

- 3. Volunteers Exception

Maaaring mag-alok ang mga TD ng maagang rehistrasyon sa mga boluntaryo para sa kanilang trabaho sa paghahanda ng course, at iba pa, para sa laro, sa lebel na itatakda ng TD. Kailangang hindi eksklusibo ang oportunidad para sa mga boluntaryong tumutulong at kailangan itong ipahayag sa publiko para kahit sino'y maharap ang pamantayan para maging bahagi ng Volunteer Exception kung gusto nila.

- 4. Ang PDGA Affiliate Club Permitted Exception - "Club Members Only" Events
 - a. Maaaring magpatakbo ang mga PDGA Affiliate Club na may maraming miyembro ng larong may sanction ng PDGA kung saan ang rehistrasyon ay bukas lamang sa mga bayad na miyembro ng PDGA Affiliate Club.
 - b. Hindi maaaring maging eksklusibo ang pagiging miyembro ng club, kailangang ipahayag sa publiko para kahit sinoman ay maaaring maharap ang pamantayan para maging bahagi ng Affiliate Club kung gusto nila.

- c. Ang rehistrasyon ng mga miyembro ng Affiliate Club ay kailangang first-come, first-served.
 - d. Dahil hindi sila bukas sa publiko, ang mga larong ito ay babansagang "X" Tier (XC, XB, XA, at iba pa), at ang pangalan ng laro'y kailangang may kasamang parilalang "Club Members Only Event" (halimbawa: "Shooting the Breeze kasama ang Augusta DGC- Club Members Only Event").
- D. Magkakaroon ng waitlist (sa pangkalahatan, ayon sa klase, ayon sa dibisyon) na nakabase sa mga cap na naipahayag bago ang laro.
 - E. Ang mga entry na nakatanggap online ay lalagyan ng date- at timestamp base sa oras kung kailan natanggap ang entry fee sa online entry point.
 - F. Sakaling makatanggap ng maraming entry nang sabay-sabay, ang manlalarong may pinakamababang PDGA number ang bibigyang prioridad.
 - G. Kailangang mag-post sa pdga.com ang mga laro ng mga listahan ng pre-rehistrasyon at waitlist, at/o sa opisyal na website ng rehistrasyon para sa torneo. Kailangang lingguhan nilang i-update ang mga listahang ito.
 - H. Ang mga nagrehistrong nagbayad lamang ang maaaring ilista sa nilathalang listahan ng torneo.

1.03 Pag-atras at Pagbabalik ng Pera

Polisiya sa mga Laro

- A. KAILANGANG i-email o itawag ng mga manlalaro ang kanilang pag-atras sa mga Direktor ng Torneo sa contact information na ibinigay sa torneo. Ang pagtalakay ng mga pag-atras sa ibang tao na hindi ang Direktor ng Torneo, kasama ang mga staff sa torneo, ay hindi ituturing na opisyal.
- B. Makatatanggap ng 100% cash refund, bawas ng 10% waitlist fee, ang mga manlalarong nagbayad ng higit sa waitlist fee na \$10 para malagay sa waitlist ng laro pero hindi nakapasok, o ang mga manlalarong opisyal na hiniling na umatras sa waitlist bago ang naipahayag na pagsasara ng rehistrasyon at waitlist replacement ng laro (inirerekomendang isang linggo ito bago mangyari). Ang mga manlalarong nasa waitlist na ang tanging binayaran ay ang waitlist fee na \$10 ay hindi maibabalik ang bayad.
- C. Ang mga manlalarong opisyal na hihilinging umatras mula sa isang laro na hindi bababa sa 30 araw bago ang simula ng laro ay makatatanggap ng 100% cash refund (babawasan ng 10% handling fee).
- D. Ang mga manlalarong opisyal na hihilinging umatras sa laro nang may 15 hanggang 29 araw bago ang simula ng laro ay makatatanggap lamang ng 100% cash refund, bawas ang 10% handling fee KUNG mapupunuan ang pwesto nila sa torneo sa pamamagitan ng waitlist o walk-up entry (kung inaalok ito). Kung hindi mapupunuan ang pwesto ng manlalaro, maaaring pagpilian ng TD ang pagbigay ng 50% cash refund O tanging ang player's pack na matatanggap sana ng manlalaro

kung dumalo siya (bawas ang presyo ng pagpapadala). Sa kaso ng manlalarong nasa Pro division para sa larong walang Pro player pack na may halagang 25% ng Entry Fee, magbibigay ng 50% cash refund ang TD.

- E. Ang mga manlalarong opisyal na hihiling na umatras sa laro nang 14 na araw bago ang simula ng laro at bago ang naipahayag na pagsasara ng rehistrasyon at waitlist replacement (inirerekomendang isang linggo ito bago mangyari) ay makatatanggap ng 100% cash fund na may bawas na 10% handling fee, kung ang pwesto nila sa torneo'y napunuan sa pamamagitan ng waitlist o walk-up entry (kung inaalok ito). Kung hindi mapunuan ang pwesto ng manlalaro, maaaring pagpilian ng TD ang pagbigay ng (1) 25% cash refund o (2) ang player's pack na matatanggap sana ng manlalaro kung dumalo sila (bawas ang presyo ng pagpapadala). Sa kaso ng manlalarong nasa Pro division para sa larong walang Pro player pack na may halaga ng 25% ng Entry Fee, magbibigay ng 25% cash refund ang TD..
- F. Hindi ibabalik ang pera ng mga manlalarong walang opisyal na hiling na umatras sa narehistrong pwesto bago ang naipahayag na pagsasara ng rehistrasyon at waitlist placement, pagkatapos ay hindi naglaro (aka isang no-show). Hindi rin sila makatatanggap ng player's pack. Hindi kasama rito ang mga nasa waitlist; tingnan ang 1.03.B.
- G. Maaaring ipetisyon ng mga Direktor ng Torneo para sa mga Major, Elite Series, at A-Tier na layo ang PDGA Director of Event Support para baguhin ang timeline para sa C, D, at E.
- H. Kung tatanggapin, ang polisiya'y kailangang malinaw na naipahayag sa lahat ng materyales para sa rehistrasyon.
- I. Kung iinwan ng isang TD ang inalok na dibisyon dahil sa kaunti lamang ang rehistradong manlalaro para sa dibisyong iyon (tingnan ang 2.01.K), sinomang manlalaro para sa dibisyong ito na ayaw lumipat sa ibang dibisyon kung saan sila eligible ay bibigyan ng buong refund.

Tala: Inirerekomendang ang mga high-capacity na laro'y HUWAG maglagay na personalisadong bagay sa kanilang player pack dahil sa dagdag nito sa kasalimuotan para sa pag-atras at pagbalik ng pera. Dapat lamang ialok ang mga personalisadong bagay bilang merchandise na ibinebenta habang nasa rehistrasyon na hiwalay at hindi maaaring ibalik ang bayad, at hindi bahagi ng bayad para makapasok sa torneo.

1.04 Check-In sa Laro

- A. Ang pag-check-in bago ang Torneo ay rekisito para sa mga manlalaro sa mga Major, Elite Series, at A-Tier na laro, at inirerekomenda para sa lahat ng iba pang Tier.
- B. Isinusuko ng sinomang manlalaro na hindi nag-check-in sa oras na sinabi ng Direktor ng Torneo ang kaniyang opisyal na pwesto at ang kaniyang entry fee. Ang mga eksepsiyon ay nasa kamay ng Direktor ng Torneo.

1.05 Practice na Round, Pagsisimula ng Laro, Huling Pagdating

- A. Responsable ang mga manlalaro sa pag-iskedyul ng kanilang practice na round bago ang laro. Iba-iba ang kaso kung bukas ang course at ang set-up para sa torneo para sa mga practice na round (tingnan ang mga detalye sa Tour Standards). Ang course or mga course ay sarado para sa practice habang may torneo, at sa lahat ng oras na itinakda ng Direktor ng Torneo.
- B. Dalawang uri ng simula ang ginagamit sa kompetitibong laro:
1. Shotgun Starts (mga round na sabay-sabay nagsisimula ang iba't ibang grupo): Sa nakaiskedyul na oras, ipamimigay ang mga scorecard sa mga manlalaro sa Tournament Central. Pagkatapos ipamigay ang mga scorecard, bibigyan ng sapat na panahon ang mga grupo para marating ang mga hole na nakatoka sa kanila. Isang bagay na may malakas na ingay, tulad ng trumpeta, ang gagamitin para ipaalam na dalawang minuto na lang ang natitira bago magsimula ang laro. Dalawang serye ng maikling ingay ang senyas. Sa oras na ito, ititigil na dapat ng mga manlalaro ang pag-practice at dapat gumalaw na sila papunta sa tee ng kanilang panimulang hole. Isang mahabang ingay naman ang senyas na nagsimula na ang round, senyas din para sa mga scorekeeper na gumawa ng call sa pagkakasunod-sunod ng bato.
 2. Staggered Starts o Tee Times (mga round na nagsisimula ang isang grupo pagkatapos ng isang grupo sa hole): Magsisimula ang laro sa oras na inansiyu ng Direktor ng Torneo. Inirekomenda sa mga manlalaro na mag-check-in sa starter sampung minuto bago ang kanilang tee time. Maaaring mag-practice ang mga manlalaro hanggang isenyas ng starter ang two-minute signal para sa kanilang grupo, basta't ang practice ay hindi nakaaabala sa mga manlalaro sa course.
- C. Kapag bumato ang isang manlalaro sa pagitan ng two-minute signal at ang simula ng round, makatanggap siya ng babala kung mahuli ng dalawa o higit pang manlalaro, o ng isang opisyal. Ang mga sumunod na bato ng manlalaro sa panahong ito, kung mahuli ng dalawa o higit pang manlalaro o ng isang opisyal, ay magreresulta sa isang penalty throw sa kaniyang puntos, gaano man karami ang bato.
- D. Responsibilidad ng manlalaro na alamin ang mga alituntunin ng course, pumunta sa kanilang panimulang hole, at maging handa sa paglalaro sa tamang oras sa simula ng round.
- E. Ang mga manlalarong absent para sa kanilang panimulang hole, o mga sumunod pang hole, ay nag-misplay (tingnan ang 811.F.5 at 6, Misplay). Kung isang buong round ang hindi nalaro, o kung hindi matapos ng manlalaro ang isang round, maaaring idiskwalipika ng Direktor ng Torneo ang manlalarong iyon..
- F. Ang mga manlalarong huling dumating, para sa Shotgun o Tee Time na round, ay responsable sa kanilang pag-check in sa TD, Tournament Central, o sa Tee Time Starter, para malaman kung alin ang kanilang panimulang grupo. Sila ang re-

sponsable para makasama sa paglalaro ng kanilang grupo, o ng grupong nilikha ng TD dahil sa kaniyang pagiging absent. Ang kabiguang magawa ito ay isang misplay (tingnan ang 811.F.10, Misplay).

- G. Dapat magbigay ng dalawang scorecard ang Direktor ng Torneo sa bawat grupo, na hiwalay na babantayan. Maaaring magkaiba o magkapareho ang medium ng mga scorecard na ito. Kailangang magtuos ang grupo sa nilalaman ng mga scorecard na ito, at isumite sa anumang metodong itinakda ng Direktor ng Torneo bilang opisyal na metodo ng pagpupuntos sa torneo.
- H. Kailangang laging available ang mga papel na scorecard sa bawat grupo, anumang idineklara ng Direktor ng Torneo na opisyal na metodo ng pagpupuntos.

1.06 Paggugrupo at Pagseseksiyon

- A. Ang mga manlalarong Professional at Amateur ay hindi dapat igrupo nang magkasama. Dapat igrupo ang mga magkakadibisyon hanggang maaari.
- B. Lahat ng manlalaro sa isang dibisyon ay kailangang igrupo sa unang round sa pamamagitan ng alinman sa dalawang metodo:
1. Random na paggugrupo; maaaring igrupo ang mga manlalaro sa isang dibisyon para sa unang round.
 2. Paggugrupo ayon sa ranggo; maaaring igrupo ang mga manlalaro sa isang dibisyon ayon sa kanilang ranggo, para mag-set ng grupo sa unang round. Magsisimula ang manlalarong pinakamataas ang ranggo sa hole na pinakamababa ang numero, ang kasunod na pinakamataas sa kasunod na hole na pinakamababa, at iba pa. Ituloy ang prosesong ito hanggang napuno na lahat ng panimulang hole:
 - Hole 1: Manlalaro 1, 4, 7, and 10
 - Hole 2: Manlalaro 2, 5, 8, and 11
 - Hole 3: Manlalaro 3, 6, 9, and 12
 3. Kung ang dibisyon ay sapat ang laki para magkaroon ng iba-ibang pool o seksiyon, kailangang hatiin ang mga manlalaro ayon sa ranggo (halimbawa: ang 72 pinakamataas ang ranggo sa Pool A, at ang 72 pinakamababa ang ranggo sa Pool B), at pagkatapos ay random na paghahaluin sa bawat pool para sa unang round.
 4. May opsiyon sa mga larong C-Tier na paghalu-haluin ang mga dibisyon ng grupo (sa unang round), maliban na lang ang mga Junior 15, Junior 12, Junior 10, Junior 08, at Junior 06, na maaari lamang ihalo sa mga manlalarong kapareho nila ng dibisyon.
- C. Para sa mga susunod na round, kailangang igrupo ang mga manlalaro sa pamamagitan ng dibisyon, hanggat maaari.
- D. Sa loob ng isang dibisyon, ang mga manlalaro ay igugrupo ayon sa baba ng puntos (tingnan ang 1.09, tungkol sa pagresolba ng mga tie). Ang grupong may

pinakamababang puntos ang magsisimula sa pinakamababang bilang na hole, at iba pa. Kung gumagamit ng tee time, ang grupong may pinakamababang puntos ang may pinakahuling tee time.

- E. Kailangan ng tie break para sa parehong total na puntos (tingnan ang 1.09).
- F. Para ipatupad ang pagkakapantay-pantay, hindi bababa ng tatlong manlalaro ang bawat grupo, maliban na lang sa mga hindi maiiwasang pagkakataon, ayon sa pagtatasa ng Direktor ng Torneo. Sa mga kasong may mas kaunti sa tatlong manlalaro na kailangang maglaro nang magkasama, may itatalagang Opisyal ng Torneo (tingnan ang 1.12.A) na sasama sa grupo, at maaari ding maglaro basta hindi nakagagambala sa mga naglalaman.
- G. Hindi maaaring mas marami sa lima ang manlalaro sa isang grupo, at lilitimahan sa apat hanggang maaari.
- H. Kung mas maraming sumali kaysa maaaring maglaro nang sama-sama sa isang round, kailangang hatiin ang mga magkakalaban sa seksiyon o pool. Ang mga manlalarong nasa isang dibisyon ay kailangang maglaro ng kaparehong layout sa kahabaan ng kompetisyon.
- I. Kung may mga kondisyong nakaapekto sa paglalaro sa iba't ibang paraan sa mga seksiyon, maaaring gumamit ang Direktor ng Torneo ng sectioning procedure para maitakda ang advancement. Sa kasong ito, may kasindaming advancing na manlalaro ang kukunin mula sa bawat seksiyon, ayon sa puntos, at ang puntos nila ay hindi dadalhin sa susunod na round..
- J. Ang mga "Super Group" sa unang round para sa media ay ipinagbabawal, maliban na lang para sa video coverage, at kailangang naaprubahan ng bawat manlalaro sa loob ng grupo, at ng PDGA Director of Event Support..
- K. Ang "ghost group" ang tawag sa sekondaryang grupo ng manlalaro na nakatakda sa isang starting hole na inookupahan na ng isa pang grupo ng manlalaro. Ang mga ghost group ay ginagamit lamang para magresolba ng emergency na sitwasyon, tulad ng hole na hindi na malaro dahil sa baha, bumagsak na linya ng kuryente, at iba pang sitwasyong hindi kontrolado ng Direktor ng Torneo.
 - 1. Laging pangalawa na mag-tee sa hole ang ghost group, bilang lowered-numbered hole para sa first round groupings (tingnan ang 1.06.B) at mga susunod na round (tingnan ang 1.06.D).
 - 2. Kailangang magsimula ang mga ghost group sa mas maikling haba ng hole pagkatapos ng mas mahaba o mas mahirap na hole para paliitin ang dulo nila sa course-flow at bilis ng laro.

1.07 Pagsuspinde ng Laro

Ang kaligtasan ng lahat sa mga larong may sanction ng PDGA ay napakahalaga. Ineengganyo ang mga TD na gamitin ang lahat ng available na resource tulad ng lighting detector at online weather map (na nagpapakita ng mga bagyo at kidlat na gum-

agalaw sa lugar) para masuspinde ang paglalaro bago pa man maging mapanganib sa mga manlalaro, staff, at manunuod ang sitwasyon (tingnan ang PDGA Mid-Event Weather Suspension & Cancellation Guidelines Policy).

- A. Kung, sa opinyon ng Direktor ng Torneo, mayroong kidlat, labis na ulan, o iba pang mapanganib na kondisyon at nagiging mapanganib at hindi praktikal ang pagpapatuloy ng laro, isususpende ang torneo. Ang senyas para isuspinde ang laro ay gagawin sa parehong paraan ng senyas para simulan ang laro, pero gagamit ng tatlong maikling ingay. Ang pag-iingay na ito'y dapat ulitin kahit isang beses sa loob ng isang minuto, at kailangang siguraduhin ng Direktor ng Torneo na lahat ng grupo'y naririnig ang senyas.
- B. Kailangang tumigil agad sa paglalaro ang mga manlalaro at markahan ang lie ng bawat miyembro ng grupo. Sapat na ang isang likas na bagay para markahan ang approximate na lie na muling pagsisimulan ng manlalaro. Hahanap ang mga manlalaro ng silungan. Kung maaari, babalik ang mga manlalaro sa unang tee area, clubhouse, Tournament Central, o ang lugar na itinalaga ng Direktor ng Torneo. Magkakaroon ng di-bababa sa tatlung minutong pagsuspende ng laro pagkatapos ng senyas para magsuspende.
- C. Kailangang magbalik sa paglalaro ang mga manlalaro mula sa kanilang approximate na lie na minarkahan nang isuspinde ang round. Ang nakararami sa grupo ang magtatakda ng approximate lie.
- D. Tatasahin ng Direktor ng Torneo ang mga kondisyon, at magtatakda ng oras na hindi bababa sa tatlung minutong mula sa senyas ng pagsuspende para bumalik ang mga manlalaro para sa resume time o delay renewal.
- E. Magsisimulang muli ang laro gamit ang parehong senyas sa simula ng round: isang dalawang-minutong senyas na binubuo ng dalawang maikling ingay, pagkatapos ay isang mas mahabang ingay pagkatapos ng dalawang minuto para ipahiwatig na nagsimula nang muli ang round.
- F. Maaaring ipagpaliban ng Direktor ng Torneo ang di-nakumpletong bahagi ng round sa susunod na araw sa iskedyul ng torneo kung, sa opinyon ng Direktor ng Torneo, hindi bubuti ang mga kondisyon, o didilim na bago ang tantiyadong pagtatapos ng laro (tingnan ang PDGA Mid-Event Weather Suspension & Cancellation Guidelines Policy).
- G. Ang parsiyal na puntos sa round ay dadalhin sa pagkumpleto ng round, kapag sinimulan nang muli ang round..
- H. Ang isang manlalarong tumigil bago ang senyas para tumigil ay makatatanggap ng dalawang penalty throw, kung sa opinyon ng Direktor ng Torneo ay tumigil siya sa paglalaro nang premature.
- I. Gagawin ng Direktor ng Torneo ang lahat ng kaniyang makakaya para makumpleto ang lahat ng round ng torneo ayon sa iskedyul.
 1. Kung sa kabuuan ay tatlong preliminary round o mas mababa ang nakaisked-

yul, lahat ng manlalaro’y kailangang makakumpleto ng hindi bababa sa isang round, para ituring na opisyal ang laro.

2. Kung sa kabuuan ay apat na preliminary round o mas mataas ang nakaisked-yul, lahat ng manlalaro’y kailangang makakumpleto ng hindi bababa sa dalawang round, para ituring na opisyal ang laro.
 3. Kung hindi mahaharap ang pamantayang ito, kailangan muling iiskedyul ang laro. Kung hindi posible ang muling pag-iskedyul at/o hindi makakasama ang mga manlalaro, makatatanggap sila ng full refund, bawas ang player’s package, PDGA fee, at iba pang fee.
- J. Lahat ng naspuspendeng round ay kukumpletuhin, maliban na lang kung imposible ito dahil sa sitwasyon. Kung ganito nga ang sitwasyon, final pa rin ang mga resulta ng huling nakumpletong round hanggang naharap ang pamantayan para sa round (tingnan ang PDGA Mid-Event Weather Suspension & Cancellation Guidelines Policy).
- K. Ang pagkumpleto sa sinuspendeng round ay mas mataas na prayoridad kumpara sa susunod na round, at kung gayon lahat ng susunod na round ay kakanselahin para makumpleto ang sinuspendeng round.

1.08 Pagpapaliit ng Sukat ng Field (Cut)

- A. Maaaring paliitin (cut) ang field para sa semi-finals o finals, ayon sa desisyon ng Direktor ng Torneo, basta’t ito ay inanunsiyo bago ang opening players registration para sa laro. Ang tanging eksepsiyon ay maaaring dahil kinonsulta ang PDGA Mid-Event Weather Suspension & Cancellation Guidelines para tapusin ang laro.
- B. Kung hindi inanunsiyo bago pa man ng Direktor ng Torneo, lahat ng tie para sa semi-final at final cut ay reserolbahin gamit ang isang tiebreaker (tingnan 1.09).
- C. Kailangang ang cut line ay nasa o mas mataas sa payout line, para lahat ng payout position na umabot sa cut ay mababayaran. Kung may dagdag na manlalaro sa ilalim ng payout line ang umabot sa cut dahil sa mga tie, iyon lamang mga manlalarong tie para sa payout position ang mababayaran. Ang tanging eksepsiyon ay maaaring dahil kinonsulta ang PDGA Mid-Event Weather Suspension & Cancellation Guidelines para tapusin ang laro.
- D. Sinomang manlalaro na eligible na pipiliing hindi sumali sa semi-final at final ay makatatanggap ng ranggo at pera o premyo pantay sa huling place sa natitirang field.
- E. Hindi hinihikayat ang mga consolation round para sa mga manlalarong hindi umabot sa tournament cut, dahil post-event ang mga consolation round at hindi opisyal at hindi iaulat, at hindi makaaapekto sa ranggo ng mga manlalaro sa torneo. Hindi rin maaaring makagambala ang mga consolation round sa opisyal na round ng torneo.

1.09 Mga Tie

- A. Sa pagitan ng mga ground habang muling isinasabay ang mga grupo, resolbahin ang mga tie. Ang manlalarong may pinakamababang puntos sa pinakahuling round ang magkakaroon ng pinakamataas na ranggo kapag muli nang naisabay ang mga posisyon. Sakaling may tie para sa pinakamababang puntos sa lahat ng naunang round, ang mga tie ay resolbahin sa ganitong paraan, ang may mas mababang PDGA number ang magiging pinakamataas ang ranggo sa lahat ng tie na manlalaro, at pagkatapos ay susundin na ang alpabeto ayon sa apelyido ng mga manlalarong tie na walang PDGA number.
- B. Bukod sa sinabi sa 1.09.D, ang mga tie para sa unang gantimpala sa kahit anong dibisyon ay resolbahin sa pamamagitan ng sudden-death play. Dagdag dito, kung nireresolba ang mga tie dahil sa pagpapaliit ng laki ng field, kailangan din itong gawin sa pamamagitan ng sudden-death play. Hindi kailanman gagamit ng iba pang metodo tulad ng hot round, head-to-head score, at iba pa, para iresolba ang tie para sa unang gantimpala.
1. Magsisimula ang sudden-death play, hanggat maaari, sa parehong course tulad ng naunang round, sa unang hole, maliban na lang kung may ibang course, hole, o serye ng hole, na itinalaga ang Direktor ng Torneo bago pa man magsimula ang torneo. Sa Team Play, gagamitin ang parehong format tulad ng sa naunang round.
 2. Ang espisipikong pagkakasunod-sunod ng mga manlalaro sa pag-tee off para sa sudden-death play ay tutukuyin sa pamamagitan ng random draw (halimbawa, mga card na may bilang, pagpili ng posisyon sa pag-tee mula sa sumbrero, at iba pa).
 3. Sa kaso ng hole na may tie sa sudden-death play, ang pagkakasunod-sunod sa pag-tee para sa sunod na hole ay iikot, mula sa pagkakasunod-sunod na ginamit sa naunang hole.
- C. Kailangang gawaran ng pera o premyo ang nagwagi sa dibisyon, at ilista ito sa resulta ng laro. Hindi maaaring pantay na hatiin ang pera o premyo sa kahit sinong manlalaro na tie para sa unang gantimpala, maliban na lang sa binanggit sa 1.09.D.
- D. Ito ang mga eksepsiyon para sa rekisito sa tiebreaker sa unang gantimpala:
1. Ang tie para sa unang gantimpala sa isang flex start event, kung saan ang isa sa mga manlalarong tie ay umalis na.
 2. Ang tie para sa unang gantimpala ay dulot ng pagtatapos ng laro dahil sa mapanganib na kondisyon, kung saan wala nang oras na natitira sa regular na nakaiskedyul na huling araw ng kompetisyon para makumpleto ang laro o resolbahin ang tie para sa unang gantimpala. Hindi kailanman hihingin sa mga manlalaro na bumalik isang araw pagkatapos ng huling araw ng regular na nakaiskedyul na round para tapusin ang laro (tingnan ang PDGA Mid-Event Weather Suspension & Cancellation Guidelines Policy).

Kung hindi magawa ang sudden-death playoff sa huling araw ng regular na nakaiskedyul na round para sa kompetisyon, pananatilihin ang tie para sa unang gantimpala, at idedeklara ang mga manlalaro bilang ko-kampeon, at ang pera at premyo para sa mga ranggo'y hahatiin sa pagitan ng mga manlalaro (kung dalawang manlalaro ang tie para sa unang gantimpala, hahatiin nila ang pera at premyo para sa una at ikalawang gantimpala).

- E. Ang iba pang tie para sa ibang ranggo ay opisyal na itatala bilang tie. Bukod sa unang gantimpala, ang distribusyon ng premyong pera ay itatakda sa pamamagitan ng pagsusuma sa lahat ng perang nakatoka sa bilang ng posisyong kinakatawan ng mga manlalarong tie, saka hahatiin ang bilang na iyon sa dami ng manlalarong tie. Ang distribusyon ng mga tropeo ay maaaring itakda ng sudden-death play, o iba pang kaugnay na disc golf skill event, ayon sa desisyon ng Direktor ng Torneo. Para lang ito sa pagagawad ng mga tropeo. Ang mga manlalaro ay kailangan pa ring opisyal na ilista bilang tie sa mga resulta.

1.10 Distribusyon ng mga Premyo

- A. Sinomang manlalaro na makatatanggap ng pera sa Pro division ng isang larong may sanction ng PDGA (bukod sa mga Liga, tingnan ang 1.14.C.2) ay kinakailangang mayroong PDGA number para sa tracking purposes, bago pa man ang simula ng laro (ang mga manlalarong makatatanggap pa lamang ng PDGA number pagkatapos ng rehistrasyon ay kailangang ipaalam ito sa TD bago ang laro). Ang mga manlalarong walang PDGA number ay eligible lamang sa mga tropeo. Anumang cash payout sa o sa ilalim ng place na iyon ay bababa ng isang pwesto, kaya madadagdagan ng isang pwesto ang makatatanggap ng pera.
- B. Hindi maaaring tumanggap ng merchandise sa halip na pera ang isang Amateur na naglalaro sa Pro division, sa mga A-Tier at mas mataas na laro. Maaari lang silang tumanggap ng tropeo (kung may available). Anumang cash payout sa o sa ilalim ng pwesto na iyon ay bababa ng isang pwesto, kaya madadagdagan ng isang pwesto ang makatatanggap ng pera.
- C. Ang rekisitong Added Cash para sa isang larong may Tier ay kailangang ilaan sa lahat ng Pro division base sa porsiyento ng entry fee na naipasok sa pangkalahatang Pro na porsiyon ng laro ng bawat dibisyon. Ang dagdag pang pera higit sa minimum ay ilalaan ayon sa desisyon ng TD.
- D. Ang mga larong may higit sa dalawang round ay kailangang magpahayag ng payout (kasama ang dagdag na pera) bago ang simula ng huling round.
- E. Anumang premyo (pera o merchandise) na tinanggihan ng manlalaro'y kailangang ipasa pababa sa susunod na posisyon (halimbawa, kung tatanggihan ng ika-3 gantimpalang manlalaro ang kaniyang premyo, mapupunta ito sa ika-4 gantimpalang manlalaro, at ang ang kaniyang premyo ay mapupunta sa ika-5 gantimpalang manlalaro, at iba pa). Hinahayaang mapunta sa torneo ang lahat ng premyo kapag tinanggihan na ang lahat ng premyo ng lahat ng manlalaro sa isang dibisyon.

- F. Ang paggamit ng skins (at iba pang kaparehong format) ay pwede sa mga PDGA event, pero hindi ang mga puntos na iyon ang nagtatakda ng pangkalahatang standing ng manlalaro sa laro, at ang mga premyo’y hindi dumadagdag sa mga napanalunan ng manlalaro.
- G. Lahat ng premyong napanalunan ng manlalaro ay ipamimigay matapos makumpleto ang laro, kapag nabilang at nakumpirma na ang lahat ng resulta.
1. Maaaring maggawad ng premyo ang mga Direktor ng Torneo nang mas maa-ga, ayon sa kanilang pagtatasa.
 2. Hindi isinusuko ng mga manlalarong umalis bago ang opisyal na distribusyon ang kanilang mga premyo, pero sila ang responsable sa pagtawag sa TD para mapag-usapan ang pagkuha nila ng kanilang mga napanalunan. Sila rin ang responsable sa bayad sa pagpapadala.
 3. Sakaling gumamit ang TD ng elektronikong anyo ng pagbabayad (tulad ng PayPal) para sa premyong pera ng mga Pro, ang mga premyong ito’y ip-amimigay dalawang business day pagkatapos makumpleto ang laro. Kailang-gang gumamit ng pera o tseke ang TD para sa mga hindi makatatanggap ng premyo sa paraang elektronikong.
 4. Kung gumagamit ang TD ng merchandise voucher para sa paggawad sa mga Amateur, kailangang redeemable sila sa laro o pagkatapos, sa pamamagitan ng online fulfillment.
 5. Anumang premyo (pera o merchandise) na hindi kinukuha (nang hindi kas-alanan ng TD) anim na buwan pagkakumpleto ng laro’y itinuturing na isinuko ng manlalaro. Kailangang gawin ng mga TD ang lahat ng kanilang makakaya para ibigay ang payout sa manlalaro, halimbawa tatawagan sila, aaluking ip-adala ang mga premyo, at iba pa.

1.11 Mga Opisyal

- A. Para maging Certified Official, ang isang tao’y kailangang kasalukuyang miyem-bro ng PDGA, pumasa sa PDGA Certified Rules Officials exam, at magrehistro bilang opisyal sa PGDA. Sakaling may malaking pagbabago sa Mga Opisyal na Alituntunin ng Disc Golf, maaaring kailanganin ng PDGA Board of Directors ang mga Certified Official na pumasa sa updated exam para mapanatili ang kanilang estado bilang Certified Official.
- B. Para magsagawa o mag-sanction ng event ng PDGA, ang mga Direktor ng Torneo (at mga Assistant TD) ay kailangang kasalukuyang mga Certified Official.
- C. Lahat ng manlalaro’y kailangang maging Certified Official para makapaglaro sa Elite Series at Major PDGA-sanctioned event. Ang eksamen ay nakabase sa Mga Opisyal na Alituntunin ng Disc Golf at ang Manwal para sa Kompetisyon.
- D. Ang isang Certified Official ay hindi agad-agad Tournament Official na maaaring gumawa ng ruling sa mga event ng PDGA.

1.12 Mga Opisyal ng Torneo (Tournament Official)

- A. Tanging ang Direktor ng Torneo, at iyong mga Certified Official na itinalaga ng Direktor ng Torneo, o ang itinalagang PDGA Marshal, ang itinuturing na Tournament Official sa isang event.
- B. Tanging mga Tournament Official lamang ang maaaring gumawa ng ruling sa mga larong may sanction ng PDGA, bukod doon sa mga call na hinahayaan ng mga alituntunin na gawin ng mga manlalaro o grupo.
- C. Ang mga manunuod ay hindi Tournament Official at hindi maaaring gumawa ng ruling. Ang mga manlalaro sa event na hindi itinalagang Tournament Official at hindi aktibong naglalaro sa round (dahil tapos na sila o hindi pa nagsisimula) ay itinuturing na manunuod.
- D. Bawat Tournament Official ay kailangang may dalang mga kopya ng mga alituntunin ng torneo/course, ang Mga Opisyal na Alituntunin ng Disc Golf, at ang Manwal ng Kompetisyon sa lahat ng oras.
- E. Sakaling maglalaro ang isang Tournament Official sa torneo, hindi sila maaaring mag-officiate ng kahit anong ruling sa loob ng kanilang dibisyon, bukod sa mga kasong hinahayaan ng mga alituntunin na mag-officiate ang mga miyembro ng isang grupo.
- F. Mas mataas ang ruling ng Tournament Official kaysa ruling ng grupo, pero kailangang mag-apela sa Chief Official, na ang Direktor ng Torneo, o ang itinalaga niyang Chief Official.
- G. The Tournament Director may empower volunteers to act as spotters for a specific spotting purpose, but the ruling of a spotter does NOT supersede the ruling of the group.
- H. Hindi tinatanggap ang mga ebidensiyang video o iba pang media para gumawa ng mga ruling sa mga larong may sanction. Ang mga ganitong uri ng ebidensiya'y maaari lang gamitin bilang dokumento ng misconduct ng manlalaro (tingnan ang 3.03). Ang ebidensiya para sa misconduct ng mga manlalaro'y maaaring makatanggap ng ebalwasyon sa kahit anong oras mula sa PDGA Disciplinary Committee.

1.13 Kaligtasan ng mga Kabataan

- A. Ang mga magulang/guardian ang responsable sa kaligtasan ng kanilang mga anak sa mga larong may sanction ng PDGA. Hindi ang PDGA staff o ang event staff ang responsable para sa mga anak ng mga manlalaro sa torneo, manunuod, at iba pa, habang may laro. Hindi maaaring iwan ng mga magulang/guardian ang kanilang mga anak mag-isa sa o malapit sa scoring area, clubhouse, o kahit anong lugar sa torneo. Sinomang bata na may edad 13 pababa na sumasama sa anumang grupo ng manlalaro na hindi caddie ay kinakailangang binabantayan ng isang matanda na hindi bahagi ng grupong iyon at hindi caddie.

- B. Ang mga manlalaro sa dibisyong Junior ≤ 12 , Junior ≤ 10 , Junior ≤ 08 , and Junior ≤ 06 ay kailangang may kasamang magulang o guardian sa tournament rounds. Dagdag dito, ang mga manlalarong mas mababa sa 13 taon ang edad ay kailangang may kasamang magulang o guardian, sa anumang dibisyon sila kasama. Maaaring isang magulang o guardian lamang ang responsible para sa higit sa isang junior player sa parehong grupo, kung ito ay napagkasunduan ng lahat ng mga magulang/guardian bago ang simula ng round. Ang mga manlalaro sa dibisyong Junior ≤ 18 at Junior ≤ 15 ay maaaring samahan ng magulang o guardian sa tournament rounds.
- C. Sa mga PDGA-sanctioned tournament round, ang mga magulang/guardian na kasama ang mga junior division player ay:
1. MAARING gampanan ang posisyon ng caddie, tumulong sa mga junior player sa pagpili ng disc, pagpili ng bato, interpretasyon ng mga alituntunin, at pagtala ng puntos.
 2. HINDI MAAARING gumawa o kumumpirma ng mga ruling tulad ng foot fault, courtesy violation, at iba pa.
 3. KAILANGANG manghikayat ng sportsmanship sa pamamagitan ng positibong suporta sa lahat ng junior player sa grupo.
 4. KAILANGANG unahin ang emosyonal at pisikal na kabutihan ng lahat ng junior player sa grupo higit pa sa personal na pagnanasang manalo.
 5. KAILANGANG umiwas sa paggamit ng mapang-abuso at bastos na wika.
 6. KAILANGANG umiwas sa paggamit ng droga, alkohol, at sigarilyo.
- D. Ang kabiguang gampanan ng magulang/guardian ang mga responsibilidad na nakalista sa seksiyon 1.13 ay magreresulta sa diskwalipikasyon ng junior player at pagpapatalsik sa offending na manlalaro, caddie, o guardian. Ang mga junior player na mababa sa 13 taon gulang na pinatalsik ang guardian ay maaaring magpatuloy sa paglalaro kung makakukuha ng pamalit na guardian na boluntaryong papalit sa pinatalsik, kung pumapayag ang huli.
- E. Mariing inirerekomenda ng PDGA na lumikha ang mga Direktor ng Torneo ng mga tournament schedule para masigurado na lahat ng manlalaro sa pinakabatang age group, Junior ≤ 08 at Junior ≤ 06 , ay maiskedyul nang hindi hihigit sa 18 hole sa isang araw. Dagdag pa rito, maaaring magdesisyon ang mga TD na limitahan ang dami ng laro sa araw-araw ng mga nasa Junior ≤ 10 division (edad 10 pababa), depende sa haba at hirap ng kanilang course.

1.14 Mga Liga

- A. Ang mga Liga ng PDGA ay ang pinakamababang Tier ng mga larong may sanction ng PDGA. Hindi lang iisang torneo, ang mga Liga'y mayroong isang round kada linggo, sa parehong araw ng linggo bawat linggo, mula anim hanggang sampung sunod-sunod na linggo (halimbawa, walong sunod-sunod na Lunes, o sampung

sunod-sunod na Byernes). Maaaring tumalon nang isang linggo ang mga liga depende sa panahon o iba pang sitwasyon, base sa pag-apruba ng PDGA staff.

- B. Bawat manlalaro’y dapat maglaro sa parehong layout sa isang round ng Liga, pero linggo-linggo ay maaaring magbago ang layout at course.
- C. Ipinatutupad ang mga Opisyal na Alituntunin ng Disc Golf at ang Manwal para sa Kompetisyon, maliban na lang sa mga sumusunod na kaso:
 - 1. Ang mga non-current member at non-member ay hindi nagbabayad ng non-member fee para sumali sa mga Liga (tingnan ang 1.01.B.2).
 - 2. Maaaring manalo ang mga manlalaro ng perang premyo kahit wala silang PDGA member number (tingnan ang 1.10.A).
 - 3. Maaaring tumanggap ng perang premyo ang mga Amateur na manlalaro nang hindi nagbabago ang kanilang Amateur status (tingnan ang 2.01.F).
 - 4. Kung saan pinapayagan ayon sa lokal na batas at alituntunin ng lugar, ang mga manlalarong hindi menor de edad ay maaaring gumamit at magpakita ng paggamit ng alkohol sa pagitan ng two-minute signal at pagsumite ng kanilang scorecard (tingnan ang 3.03.B.5). Hindi pa rin maaaring uminom nang labis ang mga manlalaro, o magpakalasing sa publiko (tingnan ang 3.03.B.6).

Section 2: Kwaliplikasyon sa mga Dibisyon

2.01 Pangkalahatan

- A. Hindi maaaring sumali sa anumang dibisyon ang isang manlalaro na ineligible dahil sa kanilang membership status, play class, kasarian, edad, o ranggo. Pakit-ingnan ang Divisions, Ratings, and Point Factors table para sa mga detalye.
- B. Ang manlalaro ang tanging responsable para malaman kung sa aling dibisyon siya eligible na sumali. Ang pagpasok sa dibisyong ineligible ay maaaring magresulta sa diskwalipikasyon mula sa laro at/o suspensiyon sa mga laro ng PDGA (tingnan ang 2.02 para sa mga eksepsiyon).
- C. Kung, pagkatapos ng simula ng laro, matuklasan ng Direktor ng Torneo na ang isang manlalaro ay nasa dibisyong hindi siya eligible, maaari nilang ilipat ang manlalarong iyon sa tama niyang dibisyon para sa mga susunod na round, pero ito ay maaari lamang kung pareho ng layout ang mga dibisyon. Kung hindi, kailangang tanggalin mula sa laro ang manlalaro.
- D. Maaari lang magrehistro at maglaro ang mga manlalaro sa kanilang nakaiskedyul na round isang beses sa bawat event, maliban na lang kung ang event:
 - 1. Ay may iba-ibang dibisyong naglalaro sa iba-ibang araw; at
 - 2. Ang mga araw na iyon ay nakalista bilang magkakaibang entry sa kalendaryo ng PDGA.

- E. Kailangang ipakilala ng isang manlalaro ang kaniyang sarili sa pamamagitan ng pangalan at PDGA number pag naglalaro sa isang PDGA-sanctioned event. Ang mga manlalarong gustong manatiling anonymous o gumamit ng pekeng identidad ay madidiskwalipika mula sa laro at maaaring masuspinde mula sa PDGA tour.
- F. Ang mga Professional na manlalaro na naglalaro sa Professional na dibisyon ay naglalaro para sa pera. Ang mga Amateur na manlalaro na naglalaro sa Professional na dibisyon ay maaari lamang makatanggap ng pera sa pamamagitan ng pagiging Professional, o maaari nilang tanggihan ang pera at tumanggap lamang ng tropeo (kung may available) para manatili ang kanilang Amateur status (tingnan ang 1.10.A at 1.10.B). Pero, ang mga Amateur na tatanggap ng pera sa mga Liga ng PDGA ay hindi nagiging Professional, at hindi nawawala ang kanilang Amateur status kapag tumanggap sila ng pera (tingnan ang 1.14.C.3).
- G. Ang mga manlalarong naglalaro sa Amateur na dibisyon ay naglalaro para sa mga tropeo at/o premyo.
- H. Ang mga babae’y maaaring maglaro sa mixed division kung gusto nila, pero ang mga lalaki’y hindi maaaring maglaro sa female division (tingnan ang PDGA Policy on Eligibility for Gender-Restricted Divisions).
- I. Maaaring maglaro ang isang Amateur player sa alinmang dibisyong Professional kung saan sila eligible base sa edad, kasarian, at event format.
- J. Maaari lang sumali ang isang PDGA Professional member sa dibisyong Amateur sa ilang pagkakataon (tingnan ang 2.04).
- K. Maaaring limitahan ng Direktor ng Torneo ang mga dibisyong inaalok sa kanilang event. Sasabihin ito sa registration form. Kung walang ganitong pagpapaalam, kailangang mag-alok ang Direktor ng Torneo ng kompetisyon sa kahit anong dibisyon na may apat o higit na manlalaro na eligible at gustong maglaro. Maaaring mag-alok ang mga Direktor ng Torneo ng dibisyong may mas mababa sa apat na manlalaro ayon sa kanilang pagtatasa (tingnan ang 1.03.1).
- L. Hahayaang maglaro ang mga miyembro ng PDGA sa kahit anong dibisyon na eligible sila, kung inaalok ng Direktor ng Torneo ang dibisyon na iyon. Lahat ng lokal na alituntuning pumupwersa sa isang manlalaro na tumaas ng dibisyon base sa naunang performance ay hindi ipatutupad sa mga larong may sanction ng PDGA.

2.02 Mga Eksepsiyon

- A. Maaaring payagang sumali ang mga manlalaro sa kahit anong dibisyong ratings-based na hindi sila eligible:
 - 1. Kung aprubado ito ng PDGA Director of Event Support bago ang event.
 - 2. Kung naging hindi eligible ang mga manlalaro para sa isang dibisyon dahil sa pag-update sa ranggo, maaari silang sumali, dalawang linggo pagkatapos ng update, basta ba sila ay pre-registered sa event, ayon sa pagtatasa ng Direktor ng Torneo.

3. Kung sasali sa isang applicable points Series (tingnan ang 2.02B).
- B. Maaaring payagang sumali ang mga manlalaro sa kahit anong dibisyong ratings-based na hindi sila eligible:
1. Kung ipinaalam ito ng Series Director sa PDGA at nakatanggap na siya ng pagpayag mula sa PDGA Director of Event Support.
 2. Pinapayagan ng Series na manatili ang mga manlalaro sa dibisyon para sa kabuuan ng Series.
 3. Hindi pa nakasasali ang manlalaro sa mas mataas na dibisyon sa anumang panahon sa Series.
 4. Hindi lumalampas ang ranggo ng manlalaro sa 20 puntos higit sa rating ceiling para sa dibisyon na gusto niyang salihan.

2.03 Reclassification ng Professional / Amateur

Professional papuntang Amateur

- A. Ang mga manlalarong rehistrado sa PDGA bilang Professional ay maaaring magpetisyon sa PDGA Memberships Manager PDGA Director of Event Support para sa reclassification bilang Amateur, pero kailangan nilang matamo ang mga pamantayan para ma-reclassify.

Amateur papuntang Professional

- A. Maaaring baguhin ng isang Amateur ang kaniyang klasipikasyon papuntang Professional kung gusto niya, sa pamamagitan ng pag-contact sa PDGA Memberships Manager.
- B. Awtomatikong babaguhin ang klasipikasyon ng isang Amateur papuntang Professional kapag ang manlalarong iyon ay tumanggap ng pera habang naglalaro sa dibisyong Professional (tingnan ang 1.10.A at 1.10.B). Hindi nagbubunga ng pagbabago ng Amateur status ang pagtanggap ng pera sa pagkakapanalo sa isang ancillary contest tulad ng ace pool, top-of-the-card round prize, o CTP contest.

2.04 Mga Professional na Naglalaro ng Amateur/Mga Amateur na Naglalaro ng Professional

- A. Maaaring sumali ang mga Professional sa mga dibisyong Amateur na inaalok sa PDGA A-Tier, B-Tier, at C-Tier events, na kwalipikado sila base sa ranggo, edad, at kasarian, ayon sa seksiyon ng Pros Playing Am ng Divisions, Ratings, and Points Factors table.
- B. Ang mga manlalarong ito'y gagawaran ng Amateur points para sa kanilang performance, pero ang mga puntos na ito'y hindi eligible para sa Pro year-end awards o Pro Worlds invitations.
- C. Ang mga Amateur na manlalarong naglalaro sa mga dibisyong Pro ay gagawaran

ng Pro points para sa kanilang performance, pero ang mga puntos na ito’y hindi eligible para sa Amateur year-end awards o Amateur Worlds invitations.

2.05 Tunay na Amateur

Ang **Tunay na Amateur** ay designation na ginagamit ng PDGA sa mga amateur event, o bahaging amateur ng isang event, na ipino-promote ang tunay na diwang amateur athletics sa pamamagitan ng paggawad lamang ng mga tropeo sa pinakamatataas na gantimpala, imbes na payout sa anyo ng merchandise. Imbes, lahat ng manlalaro sa event ay makatatanggap ng parehong halaga sa kanilang karanasan sa torneo sa anyo ng mga amenities ng torneo (tingnan ang Guidelines para sa Tunay na Amateur).

Section 3: Player Code of Conduct

3.01 Pangkalahatan

- A. Dapat umiwas ang lahat ng miyembro ng PDGA sa mga gawing nakapapahamak sa laro ng disc golf at sa PDGA, sa loob at labas ng course.
- B. Lahat ng manlalaro’y kailangang sumunod sa Mga Opisyal na Alituntunin ng Disc Golf at Manwal para sa Kompetisyon.
- C. Hindi pinapayagan ang mga manlalaro na magdala ng maingay na mobile phone o maingay na pager sa course habang mayroong kompetitibong round. Dagdag pa rin, ang mga personal na music player at iba pang aparato’y kailangang gamitin lamang nang may personal na headphones, at ang lakas ay kailangang nasa lebel na (1) hindi ito naririnig ng ibang manlalaro, o (2) hindi ito magiging balakid sa epektibong interaksyon ng manlalaro sa kaniyang grupo sa kanilang tungkulin ng scorekeeping, o (3) hindi ito maging safety hazard dahil hindi nakaririnig ng “Fore!” mula sa ibang manlalaro, o warning blasts mula sa Direktor ng Torneo. Ang kabiguan sa epektibong interaksyon sa iyong grupo dahil sa personal music player at iba pang aparato’y itinuruting na courtesy violation, na reresolbahin at paparusahan ayon sa mga alituntunin tungkol sa courtesy violation.
- D. Hindi maaaring samahan ng mga hayop ang mga manlalaro, maliban na lang iyong mga manlalarong may disability o kondisyong medikal na gumagamit ng accredited service animal. Kinakailangang ipaalam ng mga manlalaro sa Direktor ng Torneo ang paggamit nila ng accredited service animal habang naglalaro.
- E. Reserbado ng PDGA ang karapatan na itakda at ipatupad ang higit pang disciplinary action sa mga manlalaro at miyembro nito, na maaaring magdulot ng probation o suspensiyon mula sa mga event na may sanction ng PDGA, o permanenteng pagkawala ng PDGA membership. Para sa dagdag na impormasyon, tingnan ang PDGA Disciplinary Process.

3.02 Bilis ng Laro

- A. Lahat ng manlalaro'y maglalaro nang walang pagpapatagal at gagawin lahat para maabutan ang grupo sa harap nila. Inaasahan ang mga manlalaro na kumilos nang mabilis, mula sa pagkumpleto ng isang hole papunta sa tee area ng susunod na hole. Hindi dapat maapektuhan ng anumang di-nararapat na pagkaantala ang bilis ng kasunod na grupo. Gayundin, kapag nasa fairway, hindi dapat magdulot ng pagkaantala sa laro ng iba ang isang manlalaro dahil sa kaniyang mga aksiyon.
- B. Ang manlalarong nagdulot ng pagpapatagal na walang dahilan ay bibigyan ng excessive time violation, ayon sa mapagkakasunduan ng grupo, o ng Tournament Official (tingnan ang 802.03, Excessive Time, labis na oras).

3.03 Misconduct ng Manlalaro

- A. Lahat ng manlalaro'y kailangang sumunod sa propesyonal na istandard ng sporting ethics, courtesy, at integridad pag sumasali sa event na may sanction ng PDGA, at kung kausap ang media. Ang mga gawing lumalabag sa istandard na ito'y maaaring ituring na courtesy violation na maaaring gawan ng call ng mga manlalaro (tingnan ang 812, Courtesy), parusahan ng Direktor ng Torneo, at anumang dagdag na disciplinary action na itinuturing na akma ng PDGA.
- B. Kung lalabagin ng manlalaro ang istandard sa itaas, maaaring piliin ng Direktor ng Torneo, ayon sa kaniyang pagtatasa, na magbigay ng tournament warning para sa unang paglabag (maliban na lang iyong espisipikong nasasakupan ng 3.03.C). Kung hindi, kailangang agarang idiskwalipika ng Direktor ng Torneo ang manlalaro. Narito ang ilan sa maaaring paglabag ng istandard na ito:
 - 1. Paulit-ulit at halatang paggamit ng abusado o bastos na wika.
 - 2. Galit na pagbato ng mga bagay (bukod sa mga disc na nilalaro).
 - 3. Lantarang kabastusan o pananakot sa kahit sino.
 - 4. Sadya at halatang pagwasak, pag-abuso, bandalismo ng pag-aari, kasama na ang mga hayop at halaman (tingnan ang 803.03, Pagsira sa Course).
 - 5. Pagpapakita sa publiko o paggamit ng alkohol, kahit na ito ay naayon sa batas o may permiso, mula sa two-minute signal hanggang sa pagsumite ng scorecard ng manlalaro sa event na may sanction sa C-Tier na lebel o mas mababa (tingnan ang 3.03.C.4 para sa mga parusa sa mga event na may sanction sa B-Tier o mas mataas). Ang alituntuning ito'y hindi ipatutupad sa mga Liga, kung saan, kung naayon sa lokal na batas at mga alituntunin ng event venue, ang mga manlalarong nasa legal na edad ay maaaring uminom ng alkohol sa round (tingnan ang 1.14.C.4).
 - 6. Labis-labis na paggamit ng alkohol o pampublikong kalasingan sa tournament site.
 - 7. Lantarang kabiguan o pagtanggig ipatupad ang mga alituntunin ng disc golf habang may kompetisyon (tingnan ang 801.02.B, Pagpapatupad).

8. Pagiging sagabal sa, o kabiguang tumulong sa, kahit anong imbestigasyon ng isang opsiyal sa gawi ng manlalaro o ng ibang manlalaro.
 9. Sadyang pagtatangkang manipulahin ang ranggo ng isang manlalaro sa pamamagitan ng intensiyonal na misplay o pagsuko (tingnan ang 811.E, Mis-play).
 10. Mga aktibidad na hindi nakalista rito o sa 3.03.C na paglabag sa mga pambansa o lokal na batas at ordinansa, regulasyon ng parke, o mga alituntuning pang-course ng disc golf.
- C. Paglabag sa istandard ang mga sumusunod na aksiyon. Ang mga manlalarong gagawa ng isa o higit sa mga paglabag na ito’y hindi makatatanggap ng babala. Agaran silang ididiskwalipika ng Direktor ng Torneo:
1. Pandaraya: sadyang pagtatangkang taliwasin ang mga alituntunin.
 2. Pisikal na pag-atake sa sinoman.
 3. Pagpapakita sa publiko o paggamit ng ilegal o ipinagbabawal na gamot, ayon sa alinmang batas (pambansa, pamprobinsya, lokal) mula sa two-minute signal hanggang sa pagsumite ng scorecard ng manlalaro.
 4. Pagpapakita sa publiko o paggamit ng alkohol sa mga event na may sanction ng PDGA na B-Tier o mas mataas, o paggamit ng marijuana sa mga event na may sanction ng PDGA na anuman ang Tier, kahit na ayon sa batas o legal, mula sa two-minute signal hanggang sa pagsumite ng scorecard ng manlalaro.
- D. Kinakailangang iulat ng mga manlalaro ang kahit anong misconduct ng kahit si-nong manlalaro sa Opisyal ng Torneo kung available siya, o direkta sa Direktor ng Torneo sa pagkumpleto ng round.
- E. Kinakailangang iulat ng mga Direktor ng Torneo ang alinmang diskwalipikasyon at misconduct ng manlalaro sa PDGA sa lalong madaling panahon.
- F. Hindi makatatanggap ang mga diskwalipikadong manlalaro ng alinmang premyong pera o merchandise, at hindi makatatanggap ng refund ng entry fee.
- G. Bawal ang pagpapakita sa publiko o paggamit ng sigarilyo ng event staff, ng mga manlalaro, at kanilang mga caddie sa lahat ng oras sa mga event ng PDGA sa kahit anong Tier na mayroon lamang dibisyong Junior (i.e., mga dibisyong nagsisimula sa MJ at/o FJ na prefix), kasama na ang PDGA Junior World Championship.
- Ang ganitong pagpapakita sa publiko o paggamit ay bawal sa lahat ng iba pang PDGA Major at Elite Series event, lalo na doon sa mga event na kasabay ng iba pang Major at Elite Series na event, mula sa two-minute signal hanggang sa pagsumite ng scorecard.
1. Ang pagbabawal na ito’y sumasaklaw sa lahat ng uri ng paninigarilyo, pagnguya ng mga tobacco product, kasama na mga elektroniko at vapor ciga-

rette (vape), tobacco-based man o hindi. Hindi kasama sa pagbabawal na ito ang smoking cessation products na hindi lumilikha ng vapor, tulad ng nicotine gum, nicotine patches, o nicotine lozenges.

2. Para sa mga manlalaro at caddie, ang anumang paglabag ng mga pagbabawal na ito’y ituturing na courtesy violation, at ang mga lumabag ay pasasabihang itago ang produkto hanggang pagkatapos ng round. Ang mga sumunod na paglabag ang mga courtesy violation na makatatanggap ng penalty throw (tingnan ang 812, Courtesy). Ang paulit-ulit na paglabag ay maaaring magresulta sa diskwalipikasyon (tingnan ang 3.03.B).
3. Sa lahat ng non-junior na event na ipinatutupad ang polisiya na ito, maaaring magbigay ng mga nakatakdang smoking area ang Direktor ng Torneo, malayo sa mata ng publiko, para sa mga manlalaro, caddie, at event staff, para gamitin nila habang may round. Lahat ng mga alituntuning may kinalaman sa bilis ng laro ay ipatutupad pa rin (tingnan ang 3.02).
4. Sa mga PDGA event sa alinmang Tier na tanging mga dibisyong Junior lamang ang iniaalok, kasama na ang PDGA Junior World Championship, walang itatakdang smoking area.
5. Sa mga kasong salungat ang mga lokal na batas at polisiya sa polisiyang ito, mangyaring humingi ng paggabay mula sa PDGA Director of Event Support.

3.04 Pananamit

- A. Lahat ng paglabag sa Dress Code Policy ay ituturing na courtesy violation (tingnan 812, Courtesy).
- B. Lahat ng manlalaro at staff ay kinakailangang nakadamit.
- C. Lahat ng manlalaro at staff ay kinakailangang may suot na sapatos o ibang panakip sa paa. Hindi maaaring maglaro nang nakapaa. Pinahihintulutan ang sandals at slides.
- D. Ang sumusunod na dress code para sa lahat ng manlalaro ay ipatutupad sa lahat ng PDGA Elite Series at Major Events. Inirekomenda rin ng PDGA na ang dress code na ito’y ipatupad sa mga event na A-Tier o mas mababa, pero ang desisyon na ito’y desisyon lamang ng Direktor ng Torneo:
 1. Inaasahan na manamit nang tama ang lahat ng mga staff at manlalaro sa mga kompetisyong may sanction ng PDGA, at magpanatili ng malinis na hitsura sa lahat ng event site at kaugnay na lugar.
 2. Kinakailangang magsuot ng damit na natatakpan ang mas mataas na bahagi ng kanilang dibdib. Itinuturing na katanggap-tanggap ang isang well-tailored shirt na may kwelyo at manggas na natatakpan ang mas mataas na bahagi ng kanilang braso. Bawal ang tank top sa lahat ng manlalaro, pero ang mga babae’y maaari magsuot ng damit na walang manggas na may kwelyo. Maaari ding magsuot ang mga babae ng well-tailored one-piece tennis dress, na may minimum na shoulder strap na isang pulgada ang lapad.

3. Bawal ang mga tee shirt, maliban na lang sa mga manlalaro sa dibisyong Junior at Amateur sa mga preliminary round. Hindi magsusuo ang mga manlalaro sa Junior at Amateur sa semifinal o final na round. Pinapayagan ang mga crew neck o v-neck shirt gawa sa high-performance o high-tech na materyales, tulad ng Dry-Fit, Cool Max, at iba pa.
4. Kailangang naka-tuck in ang mga damit na mas mababa ang dulo sa bottom hemline ng shorts ng manlalaro.
5. Walang punit na damit, shorts, o pantalon, na papayagan sa course. Kasama rito ang mga tastas, punit o pinutol na "vent" sa kwelyo ng damit.
6. Walang nakaiinsulto o bastos na slogan o logo ang papayagan sa kahit anong pananamit. Ang mga manlalarong Junior ay hindi maaaring magsuot ng slogan o logo na tumutukoy sa alkohol, sigarilyo, o droga.
7. Ang dress code na ito'y ipatutupad mula simula hanggang katapusan ng bawat event, kasama ang lahat ng round ng torneo.
8. Ang mga manlalarong hindi umabot sa cut pero gustong manatili sa site habang may torneo ay ituturing na manunuod at hindi kailangang sumunod sa dress code ng torneo.

3.05 Mga Cart, Caddie, at Grupo

- A. Kinakailangang maglakad ang lahat ng manlalaro sa mga tournament round sa lahat ng event ng PDGA, maliban na lang kung may alternatibong transportasyon tulad ng golf cart na ibibigay sa lahat ng manlalaro bilang bahagi ng regular na event entry fee (hindi ito pwedeng opt-in).
- B. Ang caddie ang taong nagdadala ng mga gamit ng manlalaro, o tumutulong habang may round. Maaaring magtalaga ang mga manlalaro ng isang caddie habang may round. Kailangang 13 taong gulang ang isang caddie, at kailangan niyang sumunod sa parehong Mga Opisyal na Alituntunin ng Disc Golf at Manwal para sa Kompetisyon na sinusunod ng kaniyang manlalaro, kasama na ang dress code, bagaman ang caddie ay hindi kailangang maging miyembro ng PDGA o Certified Official.
- C. Ang manlalarong pumili ng caddie ang tanging responsable para sa gawi ng kaniyang caddie mula two-minute signal hanggang pagsumite ng scorecard ng manlalaro. Anumang parusa para sa misconduct ng caddie (tingnan, dagdag sa seksiyong ito, ang 3.03) ay matatanggap ng parehong caddie at manlalaro.
- D. Hindi bahagi ng grupo ng manlalaro ang caddie kapag gumagawa ng mga call at ruling.
- E. Kailangang utusan ng manlalaro ang kaniyang caddie na lumayo at huwag mag-ing balakid sa bato ng kaniyang kalaban.
- F. Sa mga manlalarong gustong magdala ng gamit, kasama sa mga aprubadong gamit ang disc golf bag, natitiklop na upuan, at push cart companion. Hindi

maaaring gamiting pandala ang mga hayop, o saksakyang may motor o mala-bisikleta sa mga event ng PDGA.

- G. Sa mga event ng PDGA Major at Elite Series, ang grupo'y binubuo ng mga manlalaro mismo, ang caddie ng bawat manlalaro, mga aktibong Tournament staff tulad ng leaderboard attendants, mga Opisyal ng Torneo, at iba pa, at mga credentialed media lamang. Walang ibang taong maaaring maging bahagi ng grupo. Lahat ng iba (kasama rito ang mga manlalarong tapos na sa kanilang round) ay itinuturing na manunuod at kailangang manatili sa itinalagang lugar para sa mga manunuod, malayo sa grupo.

3.06 Tour Player Media at Sponsor Relations

- A. Lahat ng kasama sa event ay sumasang-ayon na maaaring maglathala ang PDGA at ang mga ahente nito ng mga larawan at imahen ng kanilang pagsama sa mga event na may sanction ng PDGA.
- B. Hinihiling sa lahat ng manlalaro sa mga event ng PDGA Elite Series at Major na maging available sa bawat at lahat ng media na nasa site, maliban na lang 30 minuto bago ang simula ng kompetitibong round.
- C. Kailangang huwag munang mag-interbyu ang mga media personnel ng mga manlalaro HANGGAT HINDI PA NATATAPOS ang pagsusumite nila ng kanilang scorecard sa mga opisyal ng torneo.
- D. Ang pinakahuling impormasyon tungkol sa media sa mga event ng PDGA ay matatagpuan sa dokumentong PDGA Media Policy.

3.07 Polisiya sa mga Manininda sa Tour

- A. Maaaring tumanggi ang Direktor ng Torneo na may magtinda sa tournament venue at sa kapaligiran nito, ayon sa sarili niyang pagtatasa.
- B. Kung mayroon man, ang mga sponsor/manininda ang responsable para sa pagkuha ng mga rekisitong permit mula sa mga akmang ahensiya at kailangang ipakita ang permit na ito sa Direktor ng Torneo sakaling hilingin.
- C. Ang kabiguan ng manininda na sumunod sa polisiyang ito ay maaaring magresulta sa higit pang disciplinary action mula sa PDGA.

3.08 Tournament Director Rights and Responsibilities

Kinikilala ng PDGA na ang lakas ng organisasyon at ang sustainability ng tournament disc golf ay nakasalalay sa partnership sa pagitan ng PDGA at ng Direktor ng Torneo. Para tulungan ang Direktor ng Torneo sa kaniyang trabaho, binigyan sila ng PDGA ng mga karapatan. Mayroon ding mga responsibilidad ang Direktor ng Torneo sa PDGA at mga manlalaro na ito, kasama ang, pero hindi limitado sa mga sumusunod:

- A. Lahat ng kwalipikado at kasalukuyang miyembro ng PDGA na interesadong magdaos ng event na may sanction ng PDGA ay maaaring kailanganing kumuha at pumasa ng online tournament procedures assessment test bago maaaring paya-

gang magsagawa ng event na ito. Ang test na ito’y nakabase sa mga Opisyal na Alituntunin ng Disc Golf at ang Manwal para sa Kompetisyon.

- B. Sumasang-ayon ang mga Direktor ng Torneo na sumunod sa PDGA Tour Standards at Sanctioning Requirements para sa itinalagang Tier level ng event.
- C. Maaaring kailanganin ang mga Direktor ng Torneo na pumirma ng pahayag na kumikilala na nabasa nila ang Mga Opisyal na Alituntunin ng Disc Golf at ang Manwal para sa Kompetisyon at sumasang-ayon silang sumunod at ipatupad ang mga nilalaman nito bago payagang mag-direct ng event na may sanction ng PDGA.
- D. Kailangang ipaalam ng mga Direktor ng Torneo ang financial information ng kanilang mga torneo, sang-ayon sa PDGA Sanctioning Agreement. Pero, bukod sa mga PDGA-required disclosures, anumang dagdag na pagpapaalam ng financial information na may kinalaman sa torneo ay desisyon lamang ng Direktor ng Torneo.
- E. Sang-ayon sa 2.4 ng PDGA Bylaws, hindi maaaring ipagkait ng mga Direktor ng Torneo ang kanilang serbisyo sa sinoman base sa kanilang lahi, edad, relihiyon, seksuwal na oryentasyon, kulay, pinagmulang bansa, disability, kasarian, gender identity, o ancestry.
- F. Kailangang sumunod sa mga active PDGA player disciplinary action ang mga Direktor ng Torneo.
- G. Anomang isyu na lumabas sa isang torneo, pinapaksa man o hindi ng anomang dokumento ng PDGA, kasama ang mga alegasyon ng pag-aabuso ng responsibilidad ng isang Direktor ng Torneo, ay maaaring ipaalam sa PDGA sa pamamagitan ng PDGA Disciplinary Process.
- H. Kapag ang isang event ay hindi umabot sa pamantayan o hindi nagampanan ng isang Direktor ng Torneo ang mga responsibilidad na nakasulat sa Sanctioning Agreement, Tour Standards, PDGA Privacy Policy at Manwal para sa Kompetisyon, reserbado ng PDGA ang karapatan na i-demote ang event sa kinabukasan, o isuspinde ang Direktor ng Torneo mula sa pagpapatakbo ng mga event sa hinaharap.
- I. Ang kabiguang iulat nang tama ang mga resulta ng isang event o magampanan ang mga pinansyal na obligasyon ng event ay maaaring mauwi sa dagdag pang-disciplinary action, kasama ang suspensiyon ng PDGA membership at mga pribilehiyo ng Direktor ng Torneo.



Manwal Para Sa Kompetisyon

I-scan ang code na ito para sa online na bersyon ng dokumentong ito, na siyang pinakabagong bersyon at magsasaad ng mga pinakabagong pagbabago. Ang mga tinanggal ay minarkahan ng ~~strike-through~~ at ang mga bago ay may salungguhit.

Mangyaring bisitahin ang www.pdga.com para sa lahat ng tinukoy na patakaran at dokumentong hindi nakalimbag sa manwal na ito.